Magasin ng BAGONG Buhay

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JUN 17 1957

HUNYO 16, 1957



## Mga Sulat Sa Editor

Matagal na kaming hindi nakababasa ng kuwento ni Gng. Genoveva Edroza-Matute. At noong nakaraang Linggo ay bigla na lamang kaming binulaga ng kanyang "Kaputol na Pangarap". Hindi pa naman pala iniiwan ni Gng. Matute ang larangan ng panitikan. Binabati namin si Gng. Matute sa kuwento niyang iyon.

Nguni't ibig lamang naming malaman kung ano ang tunay na naging kalagayan sa pagiging mag-asawa ng pangunahing tauhang lalaki sa kuwentong iyon, at ano ang kahulugan ng huling pangungusap na "hindi na mapaghihintay pa ang naghihingalo kong pangarap . . ."? Aywan kung kapos lamang ang aming pang-unawa . . . nguni't hindi ho namin maunawaan pagka't tila "malalim" para sa karaniwang isip ng isang karaniwang mambabasa.— *Demetria Q. Bellen, Oroquieta, Sta. Cruz, Maynila.*

**Kami man ho'y binulaga rin ng kuwento ni Gng. Matute. Inihatid na ho ng pitak na ito ang pagbati ninyo sa kanya. Tungkol sa ibig ninyong malaman ay ito ang masasabi namin, ayon sa abot ng aming pang-unawa: Ang pangunang tauhang lalaki ay walang kaligayahan sa piling ng kanyang asawa. Magkaiba sila ng simulain at paniniwala sa buhay, at ipinagkakait sa kanya ng babae ang tanging bagay na pinakapapangarap niyang angkinin sa loob ng sampung taon na nilang pagsasama — ang pagkakaroon nila ng anak. At tungkol sa huling pangungusap ng pangunang tauhan, ipinasiya niyang gamitin na ang kanyang kapangyarihan — bilang isang lalaki sa loob ng isang tahanan — upang wakasan na ang ipinalalagay niyang magkahalong "kabaliwan" at "kalupitan" ng kanyang kabyak. Hanggang diyan ho ang naabot ng aming pagkaunawa sa kuwentong iyon. ED.**

---

Nalathala sa inyong pitak ukol sa puting-tabing na si Pempe Padilla ay kumakampanya na para sa pagka-Kinatawan ng Bulakan. Hindi kaya kayo nagkakamali? Sa pagkaalam ko ay si Rogelio de la Rosa ang kandidato ngayon . . . at sa pagka-Senador. Ibig lamang naming maliwanagan ang bagay na iyan, sapagka't kung tutoo ay kabilang din kami sa mga magtataguyod kay Pempe, bilang mga tagahanga niya sa puting-tabing. — *Fidelino Maroles, Kalookan, Rizal.*

**Sa palagay ho namin ay di kami nagkakamali. Ang balitang inilathala namin ay buhat sa PRO ng Premiere na kailan ma'y di nagpalabas ng maling balita, bukod sa kaibigang matalik ni Pempe Padilla. —ED.**

---

Binabati po namin si Dr. Fe del Mundo. Kapakipakinabang ang kanyang sinulat para sa ina at mga sanggol. Ihatid din ninyo ang aming pagbati kina Yoyong Florencio at Benito R. Cadiz dahil sa kanilang mga pitak. Nakatutuwa ang una at laging may magagandang aral sa buhay ang huli.

Magkano po ba ang bayad kung magpadala kami ng balitang may larawan tungkol sa isang binyagan?

—*Damian Soto (hindi ho ang komentarista sa radyo) Domingo Santiago, Sampalok, Maynila.*

**Tinanggap na ho nila nang may pasasalamat ang inyong pagbati. Wala hong bayad ang ipadadala ninyo. —ED.**

---

Magaganda ho at napapanahon ang "pakikipanayam ni Mario Nieves". Sino po ba si MN, siya po ba ang naging patnugot ng dahong tagalog ng *Mapazette* ng Mapa High School? —*Delia Dimaapi, Sta. Mesa, Maynila.*

**Hindi kayo nagkakamali. —ED.**


# Isang Kaugaliang Pilipino...



KAPISTAHAN NI SAN JUAN

Sa Balayan, Batangas, ang Kapistahan ni San Juan sa Hunyo 24 ay ipinagdiriwang nang buong kagalakan. Sa buong bayan ay bukas ang pinto ng mga tahanan para sa lahat ng tao at naghahanda ng masaganang pagkain at mga inumin. Ang pinakatampok na bahagi ng pagdiriwang ay ang malaki at malusog na litson na dinadala sa parada sa mga lansangan kasama ng isang maingay na banda ng musiko at sinusubaybayan ng magugulong batang nagbubuhos ng tubig sa mga tao. Sa gitna ng mga kasayahang ito'y malaya ang sinuman na kumuha ng kapirasong litson upang papakin.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng —

**GINEBRA SAN MIGUEL**

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"*

Sa loob ng mahigit na isang daang taon, GINEBRA SAN MIGUEL ang paboritong hinebra sa Pilipinas. Ito ang nakapagdulot ng higit na kasiyahan sa lalong maraming kapistahan at mga pagtitipon sa mga nayon at bayan sa buong kapuluan sapagka't nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.




**MAKINIG SA:**

"Edong Mapangarap" sa DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 ng gabi; "Mga Kuwento ni Lola Basyang" sa DZPI, Biyernes, ika-8:00-8:30 ng gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest" sa DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 ng gabi.

*isang produkto ng*

**LA TONDEÑA, INC.**



Nagtulung-tulong ang mga camper at mga kabataan ng nayon sa paggawa ng mga palikurang-nayon.

# 16 NA BARYO ANG "SINALAKAY"

*Sinulat ni Mario Nieves*

NOONG Abril 22 hanggang Mayo 22, labing-anim na baryo sa 15 lalawigan (buhat sa Ilokos Norte hanggang Dabaw) ang "sinalakay" ng 358 mag-aaral sa kolehiyo at 434 na kagawad ng pangkat.

Nguni't ang layunin ng pagsalakay ay hindi ang igupo ang naturang mga baryo, kundi ang ipabatid sa mga mamamayan na sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap ay mapauunlad nila ang kanilang sarili at ang kanilang pinananahanan.

Pinasimulan noong 1953, ang mga proyektong itong tinatawag na **work camp** ay isinasagawa sa loob ng isang buwan, taun-taon, sa pinakaliblib na mga baryo ng bansa. Kusang pinipili ang gayong mga liblib na nayon upang gisingin ang mga isipan ng nangag-aakalang sila'y "tinalikdan ng lipunan".

Ang mga **camper** na binubuo ng mga nag-aaral sa mga kolehiyo ay nagsisipaghandog ng dapat sana'y maging mga araw ng bakasyon, upang sila'y makapaglingkod. Hindi sila binabayaran. Wala silang tinatanaw na gantimpala, pagka't para sa kanila'y "kaligayahan na ang maglingkod."

Ang mga **work camp** na itinataguyod at ginugugulan ng YMCA ng Pilipinas at ng **Asia Foundation** ay binubuo ng mga kalihim ng YMCA, mga matatandang kagawad ng lupon sa **work camp**, at mga estudyanteng nagpapakadalubhasa sa iba't ibang sangay ng karunungan, gaya ng agrikultura, panggagamot, pangingisda, inhinyerya, pangangalaga ng tahanan at sanggol, paghahalaman, pagtuturo at iba pa. Sa tulong na rin ng mga taganayon, ang mga estudyante ay nagtatayo ng mga paaralan at **health center**; naghuhukay ng mga patubig at balon; nagpapanimula ng mga industriyang pantahanan; nagtuturo ng pagsulat

**(Sundan sa susunod na pahina)**

MAGASIN NG BAGONG **Buhay**

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RANOLA

GREGORIO R. FLORENCIO, Kagawad

PETE VENEZUELA, Sa sining

Ang mga kasangkapang matatagpuan sa nayon ay sapat na upang makayari ng mga bangko ang mga tagabaryo at mga camper.





Gitna: Dumalaw ang mga narses sa mga tahanan upang magpakita ng wastong pangangalaga sa bata at ng pangunang-lunas.




Ibaba: Isang pangkat ang "sumalakay" sa kulungan ng mga baboy at nagturo sa may-ari nito ng pag-iiniksiyon laban sa mga sakit.



Matanda o bata, lahat ay hinaharap ng mga manggagamot at mga narses upang matiyak na sila'y nasa mabuting kalagayan.

Itaas: Si G. Albert Wilson, kinatawan ng Asia Foundation na katulong na nagtaguyod ng YMCA sa 16 na work camp, habang nagsasalita sa pangwakas na sesyon ng mga camper. Nasa dakong kaliwa niya si G. Domingo Bascara, tagapagbalak ng mga proyektong work camp.



Isang camper ang namahala sa isang klase na binubuo ng mga bata sa baryo.


# 16 Na Baryo ...

## SA PAMAMAGITAN NG MGA PROYEKTONG "UMUNLAD SA SARILING PAGSISIKAP." SIBIKO AT MGA MAPAGKAWANGGAWA ANG

at pagbasa, ng mabuting paraan ng pagtatanim, ng pagiimbak ng isda at ng wastong pag-aalaga sa sanggol — at sa pagitan ng mga abalang oras ay tinitipon ang mga taganayon at pinaaalalahanan tungkol sa mga karapatan at tungkulin ng isang mabuting mamamayan.

Ang panukalang pagtataguyod sa mga work camp ay iminungkahi ni G. Domingo Bascara, pangkalahatang kalihim ng pambansang YMCA. Sinuri niya ang kalagayan ng mga nayon. Natuklasan niyang napakaraming nakatiwangwang na mga lupa. Ikinalungkot niya ang pangyayaring napakaraming mag-aaral ang nahihikayat sa mga propesyong lubhang siksikan na sa lunsod samantalang ang mga kababayan nilang "maliliit" ay atubili sa pagkilos dahil sa kakulangan ng kabatiran sa pagsasaka at mga kaalamang tekniko.

Sinikap pag-agpangin ni G. Bascara ang dalawang panig — ang mga nagsisipag-aral na hindi lubhang kailangan sa lunsod at ang mga taganayong naghihintay ng tulong ng mga nakapagsunog ng kilay. At sa mga pulong ng mga mag-aaral

ELIZALDE PAINT & OIL FACTORY, INC.




Ginugulan ni Don Toribio Teodoro ang work camp sa Baryo Sucat, Muntinglupa, Rizal. Makikita siyang nagsasalita sa isang pulutong ng mga mamamayan ng nayon.




**"WORK CAMP", 16 NA BARYO ANG INAASAHANG MARAMING SAMAHANG TUTULAD SA HALIBAWANG ITO.**

noong 1952 ay inilahad niya ang pangangailangan ng mga nayon sa paksang "Ang Hamon ng mga Baryo."

Maraming mag-aaral ang tumugon sa **hamon**, kaya't nang pasimulan noong Mayo, 1953 ang unang **work camp** sa Baryo Bonuan, Lunsod ng Dagupan, ay nagtagpo ang mga tagalunsod at mga taganayon. Naging tagumpay ang proyektong ito. Napatunayang ang mga nag-aaral sa kolehiyo ay may malaking magagawa sa ikauunlad ng mga liblib na baryo. Higit pa rito, nagkaroon ng pagbabago sa katauhan ng mga mag-aaral: nagkaroon sila ng pakikiisang-damdamin sa mga taganayon at sa pa-raan ng pamumuhay ng mga ito.

Dahil sa tagumpay ng unang **work camp,** tatlong ganitong proyekto ang isinunod noong 1954. May 115 mag-aaral ang sinanay sa loob ng 18 araw ng Linggo. Nang dumating ang buwan ng Mayo ng naturang taon, ikinalat sa tatlong baryo ang mga mag-aaral: bawa't isa'y nakatalagang gumawa, hindi **para** sa mga taganayon, kundi **kasama** ng mga taganayon.

Bago pasimulan ang **work camp** sa isang baryo, ang mga kagawad na namamatnugot sa proyekto ay nakikipag-ugnayan sa mga pinuno ng mga samahang pambayan, sa mga tininti-del-baryo at sa mga pinuno ng lunsod o lalawigan. Nguni't sa lahat halos ng pagkakataon, hindi kaagad tinatanggap ng mga taganayon ang pakikipisan sa kanilang baryo ng mga mag-aaral. Ayaw nilang masabing sila'y **tinuturuan.** Dito ipaliliwanag ng mga estudyante na hindi sila naparoon upang magturo kundi upang **magmungkahi** ng inaakala nilang higit na mabuting paraan ng paglutas sa mga suliranin ng baryo.

At bago matapos ang sambuwang proyekto, nadarama na lamang ng mga taganayon na ipinagmamalaki nila na minsan ay naging kanayon nila ang mga **kampon ng demokrasya.** Sa pag-alis ng mga nagsipag-**work camp** ay batid na ng mga taganayon ang wastong paglutas sa kanilang suliranin. Batid na nilang hindi na sila dapat maghintay ng tulong ng pamahalaan sapagka't natutuhan na nilang sapat na ang kanilang pagtutulungan upang harapin ang ano mang **unos** na magtatangkang **gumiba** sa kanilang katiwasayan.

Noong 1955 ay apat na **work camp** ang itinaguyod, at noong 1956 ay walo. Bawa't isa rito'y nagdulot ng kaunlaran sa mga baryong pinagganapan at nagsilbing daan sa pagkakaroon ng damdaming makabaryo ng mga **camper.**

Para sa taong ito, 16 na baryo ang "sinalakay" ng mga estudyante. Ito'y dalawang ibayo o doble ng dami ng mga **work camp** ng sinundang taon. Naiwang nasisiyahan ang 22,000 mamamayan ng 16 na baryo. Nakapagtatag doon ang mga **camper** ng 19 na **4-H Clubs** (mga samahang sibiko) at 29 na iba pang samahan ng mga kabataan. Ang mga kasapi sa mga samahang ito'y umabot sa 2,285. Ang mga klase para sa mga matatanda (adult education) ay animnapu't isa (61), at may talang 2,510 matatandang mag-aaral.

Sa Baryo Tonoton, Piddig, Ilokos Norte, ang paaralang pangnayon ay nasasarhan tuwing tataas ang tubig sa ilog. Upang malutas ang suliranin, isang tulay ang ipinagawa upang maraanan ng mga nagsisipag-aral. Nagtulung-tulong sa pagpapagawa nito ang mga **camper,** mga taganayon at mga pinuno ng pamahalaan. Sa baryo ring ito, isang palaruan ang itinayo sa gilid ng isang bundok.

Ang plasa sa Baryo Talabotab Norte, Lunsod ng Kabanatuan, ay tinaniman ng 200 puno ng kaimito. Ito ay magpapaganda sa ayos ng plasa at magbibigay ng bungangkahoy sa mga taganayon sa panahon ng pamumunga.

Maraming mamamayan ng Katulinan at Tilapayong, Baliwag, Bulakan, ang nagsilisan sa kanilang tahanan dahil sa pagsasagupa ng mga huk at ng hukbo. Ang **work camp** ay

*(Sundan sa pah. 29)*




**PULIS! PULIS!**

"Tarlak, Tarlak — Hunyo 10—Isang maralitang karpintero ang bumatikos ngayon sa dalawang pulis na isinumbong sa Konstabularya rito dahil sa pagbugbog umano sa kanyang anak sa hangad na mapilit umamin sa maliit na usapin sa pagnanakaw."

Ang anak ng karpintero ay napagbintangang nagnakaw ng itik.

*Narito pa ang ilang ulo ng mga balitang may kinalaman sa mga pulis, sa lahat ng pulis:*

**HEPE NG PULIS NA PINIGIL NG PANG. GARCIA**

**NAPATAY NA PULIS, INTSIK**

**SINAKSAK NG KAPUWA ALAGAD NG BATAS**

**MAPIPIIT NA TENYENTE NG PULIS**

*Ito naman ang aming balita: PULIS NA DINAKIP NG PULIS DAHIL BUMARIL NG PULIS NA NAMBUNTAL NG KAPUWA PULIS NA NILASING NG ISANG PULIS (Hmmm!)*

**ARTISTANG SINISIYASAT DAHIL SA PAGBABANTA**

"Ipinahayag sa pulisya ng nagsumbong, si Benjamin Caro y Celestino, 26 na nakatira sa 194 Almacen, Nabotas na siya'y tinampal at pinagbantaan ni Poe (Fernando Poe, Jr.) sa pamamagitan ng rebolber sa loob ng estudyo A ng Premiere Productions. (Hunyo 9).

*Hindi pa napatutunayan ang paratang kay Poe, Jr. hanggang sa sinusulat ito. At habang sinisiyasat ang lahat ay narito ang isang tanong: Sino ang nagtataglay ng* Kamay ni Cain? *Isa pa: Naka-Lo waist ba?*

**ITINATWA NG GINANG NG YUMAONG PANGULO ANG PAMUMULITIKA**

"Pagkaraan ng matagal na di pag-imik, mahigpit na itinatwa ni Gng. Luz Banzon Magsaysay, balo ng Pangulong Magsaysay, ang paratang sa kanya na may ipinahayag siyang pagtulong sa isang kandidato sa panguluhan."

*Kung ang nabubuhay na ginang ng yumaong Pangulong Magsaysay ay tumangging mapalahok sa pulitika, lalo't higit na di dapat isangkot pa ang namamayapang idolo ng bayan. Ito'y babala sa mga kandidatong pasandal-sandal: Kung hindi kayo makalalaban nang hindi sasangkalanin ang pangalan ng Pangulong Magsaysay ay rumitrit na kayo. Patunayan lamang ninyo ang inyong kahinaan.*

**DARATING NA BAYAD-DIGMA NG HAPONES**

"Ang ikalawang yugto ng unang bahagi ng $800,000,000 reparasyon ng Hapon ay kasalukuyang inihahanda sa Tokyo at inaasahang maipadadala rito sa Maynila sa madaling panahon upang magawa ng pamahalaan ang kailangang pag-aayaw-ayaw sa mga dapat kaukulan."

*Ang $800,000,000 ibabayad ng Hapon ay para sa mga napinsala lamang ng malupit nilang pananakop. Sana'y makinabang ang dapat makinabang lamang.*

**KAKAUNTI PA ANG PUMASOK SA PAARALAN**

"Tinayang mahigit lamang na isang milyong estudyante ang nagsipasok sa unang araw at iya'y 'isinisi' sa trangkaso na ngayo'y namiminsala pa sa mga lalawigan". (Martes, Hunyo 11)

*Sa ngayo'y dalawa ang masasabing mahigpit na problema o nakagugulo sa buhay ni Huwan de la Krus — pulitika at trangkaso! — GRF*

# Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA

ANG ARAW ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG



# EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl.oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr. 12-2




Nagpapaliwanag si RM sa mga gobernador na Nasyonalista sa pulong-pananghalian ng "Freedom League of Governors". Kabilang sa mga nasa larawan sina Gob. Alejandro Almendras ng Dabaw, Gob. Juan F. Trivinio ng Kamarines Sur, Gob. Felixberto Dagami ng Agusan at Gob. Rodriguez ng Rizal.

*Sa mga bakas ni Magsaysay*

# "Lupa Sa Walang Lupa"

**Sinulat ni Carlos C. Marcelo**



Matamang nag-uusisa si RM sa kanyang mga tagapagtaguyod sa Sta. Ignacia, Tarlak tungkol sa suliranin sa pagsasaka roon samantalang namamahinga sa lilim ng damarang-kugon. Ang nagpapaliwanag kay RM (dulong kanan) ay si Abugado Tirso U. Aganon (gitna).

KASABAY ng pagbagsak ng komunismo sa Pilipinas ay natupad ang propagandang "lupa sa walang lupa" na ginamit ng mga Huk sa panghihikayat sa mga mamamayan upang umanib sa kilusan ng HMB nang maging Kalihim ng Tanggulang Pambansa ang yumaong Pangulong Ramon Magsaysay.

Nguni't hindi kinailangan ang pagbabangon o paghihimagsik, manapa'y pagtatalaga lamang ng pamahalaan sa tungkuling pagkalinga sa mga mamamayan nang alinsunod sa mga tuntunin ng Demokrasya. Maging ang mga Huk ay mapayapang sumuko matapos ibunsod ang patakarang "pakikipagkaibigan sa lahat; lakas sa lahat" ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas ay nakasaksi sa katuparan ng magandang pangarap ni RM — lupa sa walang lupa.

Maraming sumukong Huk na nagkaroon ng sariling lupa sa mga pamahayan ng Economic Development Corp (EDCOR) sa Mindanaw. Kasama ang mga kaanak, nagsimula sila ng bagong pamumuhay roon.


Dahil sa ganitong mabuting ginawa ni RM, sinabi umano ni Luis Taruc, naging supremo ng mga Huk, "Binigo ng Panguluong Magsaysay ang aming kilusan sa pamamagitan ng pagmamalasakit sa kagalingan ng mga dukhang mamamayan sa Gitnang Luson."

Kandidato pa sa pagka-Pangulo, ang pagbibigay ng lupa sa mga wala nito'y ibinunsod na ni RM. Nang dumalaw sa Marbel, Koronadal, Kotabato'y pinahayag niya sa madla:

"Pangatawanan akong nagsikap sa kapakanan ng dating mga Huk... at kaipala, kayong nagtaya ng inyong kinabukasan dito'y karapat-dapat sa lalong mabuting pagtingin."

Sinabi ni RM na una niyang gagawin pag nahalal ang paghirang ng dalawa o tatlong patnugot na lalagda sa mga titulo ng lupang ipamamahagi sa mahihirap. Na, magpapatayo

## "Nagpamalas Siya Ng Katapatan Nang Ibunsod Niya Ang Pagbibigay Ng Lupa Sa Walang Lupa . . ."



Bago nagbalik sa New Delhi pagkatapos ng tatlong taong pamamalagi sa Maynila, si Ministro Ali Rashid Baig ng Indiya ay nagpaalam sa naging Pangulong Magsaysay. Ipinahihiwatig ng mahigpit na pagkakamay nila ang matibay na pagkakaibigan ng dalawang bansa.

siya ng mga bankong pampurok upang makatulong sa paggugol sa pagpapaunlad ng mga bukid.

"Makapag-aani kayo ng sapat na palay at kamote na maitutustos sa mga pangangailangan ng bansa... Iyan ang ating gagawin sa sandaling bigyan ninyo ako ng karapatang makapaglingkod sa inyo," aniya.

Gaya ng kanyang pangako, nang mahalal na pangulo ng Republika'y itinaguyod ni RM ang limang taong palatuntunan sa pamamahagi ng lupa sa may 50,000 magsasaka.

Noong Nobyembre, 1954 ay hiniling kay RM ng mga taga-Kapatalan, Siniloan, Laguna na ibigay sa kanila ang lupang naging himpilang-subukan ng kawanihan ng paghahalaman noong bago magkadigma, nguni't napabayaan ng pamahalaan hanggang sa bungkalin ng mga magsasaka. Iyon ay tinangkang bawiin sa kanila gayong pinamuhunanan na ng hirap sa mahabang panahon.

Pagkaraan ng isang linggo'y walang kaabug-abog na nagtungo sa Kapatalan si RM, kasama ang naging Unang Ginang Luz Banzon Magsaysay, Kinatawang Wenceslao Rancap Lagumbay ng Laguna at Pangalawang Kalihim Jaime Ferrer ng Kagawaran ng Pagsasaka at mga Likas na Kayamanan.

Sa nangabigla subali't nangagalak na taga-nayon ay ipinaliwanag ni RM: "Nais kong malaman ninyo na sa Pangasiwaang ito, ang mga suliranin ng mga baryo, ang pamamahagi ng lupa, ay unang isinasaalang-alang. Ito ang dahilan kung bakit ako narito."

At ipinagkaloob ni RM sa mga magsasaka ang may 700 ektaryang lupa — apat o limang ektarya sa bawa't sambahayan.

"Hindi lamang iyan ang tulong na ibibigay sa inyo ng pamahalaan," sabi pa ni RM. "Bawa't isa sa inyo ay makauutang sa Rehabilitation Finance Corporation (RFC) hanggang ₱700 na magagamit ninyo sa pagpapaunlad sa mga saka."

kanyang mga magulang.

Naunawaan ni Dominga na kabulaanan ang propaganda ng HMB. Nguni't napatunayan niyang ang simulaing "lupa sa walang lupa" ay isang katotohanan sa Demokrasya... sa Pangasiwaan ni RM.

Maging noong kanyang ika-47 kaarawan — Agosto 31, 1954 —, ay inalagata ni RM ang suliranin ukol sa lupa. Nilagdaan niya ang isang kautusang nagbabalik sa may 200 may-ari ng 12 ektaryang lupang kinuha ng Hukbong-Dagat ng Pilipinas (PN) sa Kabite.

(Ang 12 ektaryang lupa sa Kabite ay inupahan ng Hukbo ng Estados Unidos. Nang lumikas ang mga kawal na Amerikano noong Hulyo, 1954 ay nilipatan iyon ng PN at ginawang himpilan.)



Kabilang sa napakaraming dumalaw at bumati kay RM nang lumipat sa "Palasyo ng Bayan" ang naging Pangulong Sergio Osmeña, ama. Masaya ang mga sandaling namagitan sa pagniniig ng dalawang naging punong-tagapagpaganap sa isa sa mga silid sa Malakanyang.

Kabilang sa mga taga-nayong nagbunyi sa "Kampeon ng Mahihirap" si Dominga Perciuncula, 23, asawa ng isang Huk. Sa pakikipanayam ni RM ay ipinagtapat niya ang kanyang kasaysayan.

Ayon kay Dominga'y isinama siya ng kanyang asawa sa pamumundok at pinapaniwalang magtatagumpay ang HMB laban sa pamahalaan. Nguni't pagkaraan ng apat na taong bigong paghihintay, sumuko siya sa mga maykapangyarihan at nagbalik sa piling ng

Unang isinaalang-alang ni RM ang mga suliranin sa pamumuwisan, pagka't batid niyang ang pagsasaka'y pangunang kadluan ng kabuhayang-bansa.

At hindi lubusang ipinaubaya ni RM sa mga kinatawan ng pamahalaan ang pamamahagi ng lupa.

Ilang araw matapos dumulog sa Malakanyang ang mga

(Sundan sa pah. 20)



# WALA NA ANG AKING DI' PAGKATUNAW!



AKO'Y LAGING UMIINOM NG

## Phillips' Milk of Magnesia


Dahil sa nagdudulot ng **ganap na ginhawa** kaysa laksanteng iisa ang hangarin. Ang Phillips Milk of Magnesia ay kapwa nilulunasan ang di natutunawan at pangangasim ng sikmura. 2 hanggang 4 na kutsara ng Phillips Milk of Magnesia na inumin bago matulog ay malumanay na nagkakabisa — kaya, sa kinaumagahan, sisimulan ninyo ang araw na may kahanga-hangang pakiramdam. Laging maglaan ng Phillips Milk of Magnesia.




BANAYAD SA MGA BATA
GANAP ANG BISA SA MGA MATANDA!

# PHILLIPS'
## MILK OF MAGNESIA

Ea. fl. oz. contains 34 to 40 gr. Magnesium Hydroxide. 20-4



## ARROZ DE LA CUBANA


ni Glo Morales

**Mga sangkap:**

½ kilong baboy (giniling)
½ kilong karneng baka (giniling)
½ tasang pasas
4 na saging na saba
3 butil na bawang
1 sibuyas (tinadtad)
2 kamatis (tinadtad)
2 itlog ng manok (pinirito)

Igisa sa mainit na mantika ang bawang, sibuyas, kamatis at pagkatapos ay ihulog ang karneng baboy at baka at ang pasas. Timplahan ng asin at paminta. Dagdagan ng kaunting tubig o kaya'y sabaw na pinaglagaan ng karne. Hintaying maluto at matuyuan.

Maglagay ng apat na tumpok ng kanin sa isang bandehado at ang gisadong karne ay ilagay sa gitna. Ilagay ang piniritong saging sa pagitan ng bawa't tumpok at palibutan ng dahon ng parsli. Ipatong sa ibabaw ng karne ang dalawang piniritong itlog. Ihaing tulad ng nakalarawan upang lalong maging katakam-takam.



## KROKETANG KARNE

ni Aurora Jeciel

**Mga sangkap:**

¼ kilong karneng baka (giniling)
6 na patatas (nilaga at dinurog)
4 na kutsarang mantika
asin at paminta
1 itlog (binati)
2 kamatis (hinog)
2 butil na bawang (pinitpit)
⅓ tasang binayong biskotso
1 sibuyas (katamtamang laki, ginayat nang maliliit)

**Paraan ng pagluluto:**

Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas at kamatis at pagkaraan ng ilang sandali ay isama ang karne. Timplahan ng kaunting asin at paminta. Isama ang dinurog na patatas. Hintaying lumamig nang kaunti at gawing bola-bola ang iginisa. Pagulungin ang bola-bola sa binayong biskotso at ilubog sa binating itlog. Painitin ang mantika at saka ipirito ang bola-bolang karne. Huwag lubhang lakasan ang apoy upang di maglasang sunog.

# Mga Damit Na Pambata



Ngayong nalalapit na naman ang pasukan, ang mga bata ay mangangailangan ng mga damit na magagamit sa kanilang pagpasok. Ang mga nakalarawan ay ilan lamang sa maraming tabas na maaari ninyong maparisan. Magiging maganda at lalong kaakit-akit ang inyong mga anak kung ang ipasusuot ninyong damit sa kanila ay yaong mga linis na tela na binurdahan o pinintahan kaya ng iba't ibang disenyo. Mapapasin na ang mga disenyo ng mga damit ay nasa katabi ng bawa't kasuotan.

















Maaaring ang mga unang titik ng pangalan ng inyong mga anak ay pagtambal-tambalin ninyo at siyang iburda sa damit ng inyong mga anak. Katulad ng nasa larawan, ang pagitan ng dalawang titik ay maaaring lagyan ng bilug-bilog. —*MRM*





# Blusang Pang-araw-araw





MAKIKITA ANG IBA'T IBANG TABAS NG BLUSA. HALOS LAHAT AY MAY MANGGAS AT KUWELYO. ITO'Y ISANG PAGHAHANDA SA NALALAPIT NA TAGLAMIG. MAAARI RIN NAMANG GAMITIN SA PAGPASOK O SA INYONG MGA LAKAD SA ARAW-ARAW. POPLIN LAMANG ANG MGA TELA NG MGA ITO, NGUNI'T MATIBAY AT TUMATAGAL.



Si Gng. Rigor nakaupo, dulong kaliwa) kasama ang ilang pinakamalalapit nilang kamag-anak nang magkaroon sa kanila ng isang pagtitipon. Nasa dulong kanan ang panganay nilang anak na si Pinky. Magkatabing nakatayo sa dulong kanan si Kor. Rigor at ang pangalawa nilang supling.

# Maligayang Tahanan... Maligayang Mag-anak

***Pakikipanayam kay Gng. Erlinda Rigor ni Maria S. Tonsay***

"Wala nang pinakamaligaya sa buhay na ito kundi ang magkaroon ng isang mapayapang tahanan at ang maging malapit sa puso ng mga taong nasa sambayanang iyong kinabibilangan." Iyan ang mga pangungusap na nagbuhat sa labi ni Gng. Erlinda Rigor, maybahay ni Kor. Conrado Rigor ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas. Buong pagtitiwalang nasabi niya ang bagay na iyan sapagka't batid niyang mahal na mahal silang mag-anak ng mga nakakikilala sa kanila. Ang wika pa nga niya'y wala siyang pangamba kahit na nasa lansangan ang kanyang mga anak kung nagsisipag-aral ang mga ito sapagka't wala silang lihim na kaaway na maghahangad nang masama sa buhay ng mga bata at ng kanyang kabiyak.

Si Gng. Erlinda Rigor, bagama't maybahay ng isang opisyal ng hukbo, ay hindi naging maramot na bahaginan ng kanyang paglilingkod at tulong ang mga taong nagsisidulog sa kanya upang idaing ang kanilang suliranin. Siya ay isang uri ng babaing makapagpapayo ng lalong marapat at hindi iniiwan ang isang gawain nang hindi lubos na tapos. Sa kanilang paligid, ang mga pamilya ng mga kawal na nangaroroon ay nagtuturing sa kanya ng parang isang ina, at kung ano man ang kanilang kailangan ay walang atubiling inilalapit at idinaraing sa kanya.

At hindi lamang iyan. Sapagka't likas kay Gng. Rigor ang pagiging matulungin sa mga nangangailangan, siya ay kaanib sa lalong malalaganap na samahan sa kawanggawa, tulad ng *Community Chest, Mental Health Association* at *Family Workshop*. Sa kanya rin namin nabatid na ang iba't ibang samahan sa kawanggawa, tulad ng *Good Shepherds* at ng iba pang mga samahan sa kawanggawa ng pamahalaan, ay umaasa sa tulong sa pananalaping nalilikom ng *Community Chest*. At nang minsang dalawin niya ang mga samahang ito, tulad ng paaralan ng mga bulag at ng matatanda, ay lalong nag-ibayo ang kanyang hangaring makatulong sa nabanggit na mga samahan. Masiglang kasapi rin si Gng. Rigor ng *Catholic Women's League* at ng *Girl Scout* ng Pilipinas.

(*Sundan sa pah. 19*)

# SI RIZAL... AT ANG KASAYSAYAN NG ISANG DAKILANG AKLAT

**ni Arturo Ma. Misa**

NANG taong lumipas ay isang bill ang masasabing nagpayanig sa buong Pilipinas — ang bill na nauukol sa sapilitang pagpapagamit sa mga paaralan ng dakilang aklat ni Dr. Jose Rizal. Dahil sa bill na iyon ay labis na nabahala ang mga mamamayan, laluna sa panig ng mga Katoliko. Marami ang tumutol sa pagpapatibay ng nasabing bill upang maging isang batas, sa dahilan umanong maaaring makasira sa moral ng mga kabataang nagsisipag-aral. Sinasabi nilang ang "Noli Me Tangere" ay naglalaman ng mga bagay na laban sa mga aral ng simbahan at ng mga patakarang Katoliko.


Dahil sa kabigatan ng suliraning naging kaugnay ng naturang batas, na hanggang ngayo'y nagiging sanhi ng pagkakawatak-watak ng mga paniniwala at paninindigan ng maraming mamamayan, ay pinagsumikapan naming sulatin ito at sa gayo'y maipabatid sa madla ang isa sa lalong makukulay na kabanata sa buhay ni Dr. Rizal at gayundin ang tunay na diwa at kasaysayan ng pagkakasulat ng kanyang dakilang aklat, ang "Noli Me Tangere"!

Si Dr. Jose P. Rizal ay isang taong lubhang palaaral. Noong siya ay tumutuklas ng karunungan sa opthalmolohiya sa Unibersidad Central de Madrid, ay naging ugali niyang iukol ang kanyang panahon sa pagbabasa kung mga sandaling wala siyang ginagawa. Ang mga aklat na labis niyang kinagiliwang basahin ay ang "Wandering Jew" ni Eugene Sue at ang "Uncle Tom's Cabin" ni Harriet Beecher Stowe.


Labis na napukaw ang damdamin ni Rizal nang kanyang mabasa ang aklat ni Stowe. Naisip niya na kailangang makasulat din siya ng isang aklat na katulad ng "Uncle Tom's Cabin" na makapupukaw sa natutulog na damdamin ng kanyang mga kababayan.

At nanariwa sa alaala ni Rizal ang mga paghihirap ng kanyang mga kababayan sa kamay ng mga nasa pamahalaan, gayundin ang pagmamalabis ng mga paring Kastila sa kanilang hinahawakang katungkulan sa simbahan. Ang mga paghihirap na iyon ng kanyang mga kababayan ay humihiyaw at humihingi ng katarungan. Noon niya naipasiyang sulatin ang "Noli Me Tangere", pangungusap na hinango sa Banal na Aklat na ang ibig sabihin ay **huwag mo akong salangin** (touch me not).

Isang taon ang ginugol ni Rizal upang mabuo sa kanyang diwa ang mga tagpo at pangyayaring iikot sa kasaysayang kanyang susulatin. Noong 1885, mula sa Madrid ay lumipat si Rizal sa siyudad ng Paris. Sa siyudad na ito sinulat niya ang unang bahagi sa kasaysayan ng "Noli Me Tangere". Ang mga tauhang pinagalaw ni Rizal sa kasaysayan ay ang kanyang sarili, ang




**Kuha sa Madrid, Espanya, sampung taon bago binaril sa Bagumbayan ang Bayani ng Lahing Malayo. Kasama niya sa larawan ang bayaning pintor na si Juan Luna at si Valentin Ventura.**




**Isa pa sa mga tunay na larawan ni Dr. Jose P. Rizal sa panahon ng kanyang pagtuklas ng karunungan sa iba't ibang panig ng Europa.**

mga mahal niya sa buhay at ang kanyang mga kaibigan na pawang nagkukubli sa iba't ibang pangalan.

Sa Paris ay nakatagpo ni Rizal sina Juan Luna, Trinidad Pardo H. de Tavera, Baldomero Roxas at Valentin Ventura. Sa pagkikita nilang iyon ay nakatanggap si Rizal ng balita tungkol sa mga pangyayaring nagaganap sa kanyang bayang sinilangan. Nagpasalamat siya sa kanyang mga kababayan at nasabi niyang malaki ang maitutulong ng mga balitang iyon sa kasaysayang kanyang sinusulat.

Hindi nagtagal si Rizal sa Paris. Mula roon ay nagtungo siya sa Heidelburg, pagkatapos ay sa Leipzig at saka nagtuloy sa Berlin, pangunahing siyudad ng Alemanya, upang doon tapusing sulatin ang kanyang aklat.

Nang dumating si Rizal sa Berlin ay panahon ng taglamig. Nakituloy siya sa tahanan ni Pastor Ullmer, isang ministrong protestante. Nguni't hindi siya nagtagal doon at nangupahan siya ng isang silid sa isang mumurahing otel sa siyudad na yaon. Nais ni Rizal na makapagtipid upang makapaglaan ng kaunting salapi para sa pagpapalimbag ng sinusulat niyang aklat.

Habang nalalapit sa huling bahagi ang kasaysayang kanyang sinusulat ay unti-unti namang naghihirap ang kanyang buhay. Padalang na nang padalang ang pagpapadala sa kanya ng salapi. Ayon kay Paciano, nag-iisang matandang kapatid na lalaki ni Rizal, ay patuloy sa pagbaba ang halaga ng asukal sa kanilang bayan at ang ilan sa kanilang lupang taniman ng tubo ay inilit ng mga taong-pamahalaan.

Labis na naghinagpis ang kalooban ni Rizal, nguni't hindi siya nasiraan ng loob. Sa gitna ng mga hirap na kanyang dinaranas sa buhay ay lalo naman niyang napaganda ang mga tagpo at pangyayari sa kanyang sinusulat na kasaysayan, sapagka't nailalangkap niya roon ang kanyang mga pagdadalamhati.

Pagkatapos ng matagal na pagpapakasakit ay nayari rin ni Rizal ang kanyang aklat.

Nagtungo siya sa isang potograpo upang pakuha ng larawan. Naging kalakaran nang panahong yaon na bago mailimbag ang isang aklat ay kailangang magkaroon ng larawan ang sumulat upang mailagay sa unang pahina ng aklat.

Matapos makapagpakuha ng larawan, ang isinunod na ginawa ni Rizal ay nilakad naman ang tungkol sa pagpapalimbag. Isa-isa niyang nilapitan ang mga bahay-palimbagan. Sa kasamaang-palad, ang bawa't malapitan niya ay nagbibigay ng mataas na halaga. Sa mga pagdulog ni Rizal ay inihahandog na niya ang kanyang sariling paglilingkod upang mapababa lamang ang halaga sa pagpapalimbag ng kanyang aklat, nguni't hindi rin nagbago ang halagang hinihingi sa kanya.

*(Sundan sa pah. 27)*

# Ulilang Halaman

*nobela ni Potenciano Carreon, Jr.*

**"H'wag Po . . . Huwag Po Ninyong Bayaran . . . Wala Po Akong Kinukuhang Daldwampung Piso Sa Kanila. Talagang-talaga Po. Singkuwenta Sentimos Po Lamang Ang Aking Kinuha."**

(Ika-6 na Labas)

**MALIIT lamang ang bahay na napanhik ni Rafael. Ang mabubungaran sa pagkapanhik ng hagdan ay ang komedor. May isang maliit na mesa roon at apat na silya. May aparador na puno ng mga kasangkapan.**

**Sumalubong sa kanila si Dora at tinanggap sila sa salas na siya ring kabahayan. May set na yantok doon. Sa isang panig sa tabi ng bintana ay may makinang panahi. Sa tabiking sawali ay nakasabit ang isang kuwadro ng diploma sa pagtatapos sa paaralang Normal. Sa maliit na larawang kasama ng diploma ay nakilala ni Rafael na ang dalagang kaharap nila'y isang guro.**

**—Akala po namin ay kung saan na napunta ang batang 'yan, —simulang wika ni Dora at ngumiti kay Rafael.**

**Napagmalas ni Rafael ang kaharap na dalaga. Kayumanggi ang balat nito. Bilugan ng bahagya ang hugis ng mukha at aliwalas ang noo. Makikislap ang maiitim na mga mata na sa pagngiti ay parang nakikingiti ang mga iyon. Bagay sa hugis ng mukha ang pagkakaayos ng buhok. Sa taya ni Rafael ay may dalawampu't tatlong taon na ang dalaga.**

**—Nagkataon pong ako nga ang nakakuha kay Tinoy, — sagot ni Rafael. —Hindi po naman siya napalagay sa masamang kamay. —At nagtawa ang binata.**

**—Ganyan nga po ang aking inaasahan, —pakli ni Dora na muling ngumiti kay Rafael. — At salamat naman at kayo ang nakakuha sa kanya.**

**—Kamag-anak yata ninyo si Tinoy?**

**—Hindi po. Masasabi pong hindi namin sila kaanu-ano, —ani Dora. —Halos sanggol pa lamang si Tinoy ay kilala ko na. Ang kanyang ina'y diyan sa silong nakatira. Ulila** na po siyang lubos at tanging ang kanyang Lola Senday ang tumingin sa kanya.

—Kaya po lamang hinanap ko ang hinlog ni Tinoy, ay inaalaala ko ring baka siya hinahanap, —ani Rafael. —Napilit ko lang si Tinoy na ituro sa akin ang bahay ng kanyang lola... nabanggit niya sa aking may Lola Senday nga raw siya... —at tinapunan ni Rafael ng tingin ang matandang babae.

—At ayaw nga po palang umuwi niyan. —Pinukol ni Aling Senday ng nanlilisik na tingin si Tinoy. —Talaga pong salbaheng bata 'yan. Matatakot nga po 'yang umuwi, pagka't may kasalanan...

Sinulyapan ni Rafael si Tinoy. Nakayuko ito at walang kibo.

—Mabuting tao po naman si Mang Tomas e, kung bakit sinalbahe pa. Biruin ninyong kinuha raw ang dalawampung piso ni Mang Tomas at saka lumayas!

—Wala akong kinuhang dalawampung piso ni Mang Tomas, Lola, —tutol ni Tinoy.

—Sinungaling!

—Singkuwenta sentimos po lang talaga ang aking kinuha.

—Hindi ko ba alam na salbahe kang talaga. Matigas ang ulo mo.

—Maaari po namang nagsasabi ng totoo si Tinoy, Aling Senday, —agaw ni Dora.

—Totoo po ang sinasabi ko!

—Ipagpalagay na po nating dalawampung piso nga ang kinuha ni Tinoy, —ipinakli ni Rafael. Iyon po'y maaari nating ayusin. Maisasauli po natin iyon kay Mang Tomas para wala kayong alalahanin, Aling Senday.

—Kahiya-hiya po naman sa inyo... ngayon lamang namin kayo nakilala e mananagot na kayo sa kasalbahihan ng aking apo.

Nahalata ni Rafael na naging malumanay ang pagsasalita ni Aling Senday. Hindi niya maunawaan kung bakit ang paniwala ng matandang babaing ito ay masamang bata ang apo.

—Nasabi ko na nga pong nagkataong ako ang nakakuha kay Tinoy, —tugon ni Rafael. —Inaakala ko pong tungkulin kong ayusin ang ano mang bagay na nagawa niya... — at sandaling nag-isip si Rafael bago nagpatuloy. —Kung maaari po'y ibig kong makausap si Mang Tomas.

—Tatawagin ko po siya!

At nagtindig ang matandang babae.

Naiwan sina Rafael at Dora. Si Tinoy ay walang kakibukibo sa kinauupan.

—Tinoy, ibig kong makausap na mag-isa ang aling Dora mo, —wika ni Rafael sa bata. —Makipaglaro ka muna sa mga kaibigan mo.

—Opo.

—Huwag kang lalayo, Tinoy, —sabi pa ni Rafael. —Ibig kong kaharap ka sa pakikipag-usap ko kay Mang Tomas.

—Opo.

Ilang sandaling naghari ang katahimikan sa pagkakaharap




(*Sundan sa pah.* 31)

# Ilusyon

## ni EDGARDO JOSE ESPIRITU

**Naging Isang Ilusyon Lamang Ang Matapat Nilang Pagkakaibigan Sa Harap Ng Tungkulin Sa Bayan.**

SI ALFREDO MONTEMAYOR ay lubhang matalino! —ang mariing paliwanag ni Koronel Mitsuko nang ipatawag nito si Enrique. —Iyan ay pinatunayan na niya sa maraming pagkakataon. Ang pambihirang katusuhan ni Alfredo ay isang mapanganib na sagwil sa pananakop ng ating hukbo sa bayang ito! Kailangan siyang mailigpit sa lalong madaling panahon! At ikaw lamang ang makagagawa niyan, Komandante Fujihara!

—Titingnan ko po ang aking magagawa, Koronel! —ang marahang tugon ni Enrique.

—Titingnan? —Napalakas ang tinig ni Koronel Mitsuko. Nais kong tiyakin mo ang iyong sarili! Si Alfredo ay kaibigan mo. Higit pa riyan, ay naging kababata mo siya! Nasa iyo ang isang bagay na ikapagtatagumpay ng iyong lakad. Komandante, at iyan ay ang kanyang pagtitiwala sa iyo na hindi niya iuukol kailanman sa sinumang kabalat natin!

—Pipilitin ko pong matupad ang inyong utos!

—Iyan ang dapat mangyari! Isipin mo, Komandante, na una sa lahat, ikaw ay isang HAPONES!

Magulung-magulo ang isip ni Enrique Fujihara nang lumisan si Koronel Mitsuko. Si Alfredo Montemayor ay naging matalik at tapat niyang kaibigan. Sa maraming pagkakataon, ang ipinakitang pagmamalasakit nito sa kanya ay higit pa sa maaaring ipakita ng isang tunay na kapatid.

Nakadama ng pagkasuklam si Enrique sa kanyang sarili. Batid niyang hindi na siya makaiiwas sa napaatang na tungkulin. Walang nalalabi sa kanya upang malunasan ang panunumbat ng kanyang budhi kundi pagbakahin ang lahat ng kabutihan at kasamaan ng kanyang gagawin... upang kaypala ay ihanap ng kahit na bahagyang katarungan ang bagay na kanyang gagampanan.

Lumapit si Enrique sa gawing durungawan ng silid na iyon at ipinukol ang tingin sa mga gusaling naghanay sa kabila ng lansangan. Namataan niya ang dating palamigang katapat ng silid na kanyang kinaroroonan. Iyon ay nakasara na sapagka't totoong mahirap na ang pamumuhay, nguni, ang alaalang kaugnay niyon ay hindi na marahil maglalaho sa kanyang gunita.

---

SA DATING palamigang iyon isinilang si Enrique. Ang kanyang mga magulang ay kabilang sa maraming Hapon na napadpad sa Pilipinas, nanirahan dito, at nagsipagtatag ng sari-saring hanapbuhay. Sa masinop na pamamalakad ng kanyang mga magulang ay naging bantog at maunlad ang kanilang tindahan ng **mongo con hielo**.

Sa pook na iyon siya nagkaisip. At sa pook ding iyon nagsalikop ang landasin nila ni Alfredo. Naging magkababata sila. Kung siya ay inaaway ng ibang batang Pilipino dahil sa kanyang pagiging isang Hapon ay si Alfredo ang kanyang tagapagtanggol. Naalaala pa ni Enrique nang sila ay minsang mapasagupa sa apat na kaaway. Kapuwa sila may bukol ni Alfredo nang matigil ang gulong iyon. Nang mabatid ng kanyang ama ang dahilan ng kanilang pakikipagbabag ay ginamot ang pinsala ng kanilang mga mukha at binigyan pa sila tig-isang baso ng halo-halo.

Habang kumakain sila ay nabuo sa kanyang sarili ang isang panata. Isinumpa niya sa sariling kailanman ay pangangalagaan niya ang kaligtasan ng kaibigang Pilipino, kasukudulang mangahulugan ng kanyang kasawian. Punung-puno ng paghanga at pagdakila kay Alfredo ang kanyang damdamin.

BINATA NA SILA kapuwa nang sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig. Minsan pang nasaksihan ni Enrique ang matapat na pagdamay ng kanyang kaibigan. Nang umagang iyon ng Disyembre ay dinumog ng maraming tao ang kanilang tindahan. Pinilit ng mga iyon na igiba ang nakapinid na pinto. Naulinigan ni Enrique ang napopoot na hiyawan. Hinihingi ng mga taong iyon ang kanilang dugo!

Natigil ang kaguluhan ng lahat nang magsalita nang malakas ang kanyang kaibigan.

—Mga kababayan! Huminahon tayo! Hindi tayo dapat maging mapusok! Sina Enrique Fujihara, bagaman mga Hapones, ay matagal na nating kapitbahay at kasalamuha sa buhay. Sa ating pagkakakilala ay hindi naman sila masasamang tao! Nakisama sila sa atin nang higit pa sa ipinakisama ng ating mga kapuwa Pilipino!

—Paano ang ating gagawin, Alfredo? —Malinaw na narinig ni Enrique mula sa nagkakagulong mga tao. —Sila ay mga Hapones! Sila ay kauri ng mga nagsimula ng digmaang ito!

—Mangagsiuwi na kayong lahat. Ako na ang bahalang maghatid sa kanila sa pinakamalapit na himpilan ng ating hukbo. Iyan ang pinakamakatarungang magagawa natin sa mga sandaling ito!

Isa-isang nagsialis ang mga taong iyon. Nang wala na ang lahat ay saka lamang pumasok sa kanilang bahay si Alfredo. Noon lamang niya napansin na ang kanyang kaibigan ay nakasuot-kawal. Hindi nakaligtas sa kanyang paningin ang maputing **bara** sa **kuwelyo** ni Alfredo.

—Enrique, —ang sabi ni Alfredo noon, —ikinalulungkot kong gawin ito, nguni't ito'y hinihingi ng pagkakataon! Ipagsasama ko kayo hindi upang ituring na 'mga bihag kundi upang pangalagaan la-



mang ang inyong kaligtasan!

—Nauunawaan ko, Tinyente! ang sagot niya.

—Alfredo, —ang nakangiting giit ng kanyang kaibigan. —at hindi Tenyente. Enrique!

—Nguni't dapat kong igalang ang iyong pagkapinuno!

—Kahit na! Gusto kong tawagin mo ako sa aking pangalan. Sa gayon ay makatitiyak akong wala kang sama ng loob sa akin!

—Oo, siya. Alfredo na nga! —At nagkatawanan pa silang magkaibigan.

ILANG BUWAN LAMANG ang lumipas ay nabaligtad na ang mga pangyayari. Lumalaganap na ang pananakop ng malakas na Hukbong Hapones sa buong Kapuluan. Si Enrique Fujihara, pagkatapos na mapalaya sa piitang militar, ay ginawang isang Komandante ng mga Hapones. Dahil sa kanyang pagkabihasa sa mga kaugalian ng mga Pilipino ay ipinailalim sa kanyang pamamahala ang mga lihim na galamay ng Hukbong Hapones upang isagawa ang isang malisia at puspusang pagdakip sa lahat ng mga kaanib sa lihim na kilusan laban sa mga singkit. Si Enrique ang utak na bumabalangkas ng mga hakbang ng mga KEMPEITAI. Dahil sa kanyang matalinong pamamalakad ay maraming **gerilya** ang madaling nahulog sa kamay ng mga Hapones.

Nguni, sa kanyang maselang tungkulin ay hindi siya nagtamo ng lubusang pagtatagumpay. Nanatiling may isang tusong kaaway ang kanilang hukbo. Ang taong iyon ay walang iba kundi si Alfredo. Napabantog ang pangalan ng kanyang kaibigan sa buong Pilipinas. Naging kilabot si Alfredo sa mga Hapones. Ang bawa't dagundong na nagmumula sa sandata nito ay umaalingawngaw sa buong Kapuluan. Maraming pinunong Hapones ang sinawi ng mapusok na kagitingan ng taong ito. Dahil dito ay nagsimulang manganino' kay Alfredo ang mga singkit. At ito rin ang dahilan kung bakit kinapanayam ni Koronel Mitsuko si Enrique. **Dapat na mamatay si Alfredo Montemayor!**

---

NAPABUNTUNGHININGA si Enrique. Pabagsak siyang naupo sa harap ng kanyang hapag. Higit kailanman ay ngayon nalalagay sa isang mabigat na pagsubok ang kanyang kakayahan bilang isang tinitingalang pinuno ng Hukbong Hapones at ang kanyang katapatan bilang isang mabuting kaibigan. Sa harap ng dakilang pag-ibig sa sariling bayan, isang kamalian kaya na higit na pahalagahan ang matapat na pakikipagkaibigan? O isang ilusyon lamang ang pagmamalasakitan ng magkaibigan sa harap ng tungkuling magmahal sa bayan? Kapuwa mahal sa puso ni Enrique ang kanyang kaibigan at bayan... pagmamahal na langit at lupa ang pagkakaiba! Nguni't kapuwa iyon may mahalagang kaugnayan sa kanyang buhay, kaya, hindi niya maipagpakasakit ang isa sa isa.

Nang hindi niya kayang timbangin sa kanyang sarili ang mabigat na suliranin ay ipinasiya niyang ipaubaya na sa pangyayari kung saan siya papanig... kung sumapit na ang pagkakataon!

Sinangguni ni Enrique ang mga bagong ulat sa ibabaw ng kanyang hapag. Ang mga iyon ang pinakahuling pahatid ng kanyang mga tiktik sa lalawigan. Pagkalipas ng ilang sandali ay natiyak niyang sa nayon ng Banga matatagpuan ang kuta ng kanyang kaibigan. Sinaklot ng kanyang nanginig na kamay ang **telepono.**

—Tenyente Suzira, —gumagaralgal ang tinig na tawag ni Enrique, —maghanda ng sampung sasakyan at limang daang kawal! Lalakad tayo, ngayon din, patungong Banga!

MISTULANG ISANG LIBINGAN ang nayon nang kanilang sapitin. Malinaw na ang pook na iyon ay malaon nang inulila ng nagsilikas na mga tao. Naging mailap ang mata ni Enrique nang siya ay lumunsad sa nangungunang sasakyan. Nag-alinlangan siya sa kahinahinalang katahimikang sumalubong sa kanilang pagdating. Nilibot ng kanyang tingin ang madilim na kakahuyang sinapantahang pinagkukutaan ng mga tauhan ni Alfredo.

—Tenyente Suzira! Tenyente Itsube! —ang malakas niyang tawag sa mga katulong na pinuno. —Sumama kayo sa akin!

—Ang ibig ninyong sabihin ay papasukin natin ang dawag na iyan? —ang pamanghang tanong ni Tenyente Suzira.

—Oo.

Nguni't mapanganib ang nais ninyong gawin! —ang tutol naman ni Tenyente Itsube.

—Papaghandain ang lahat ng mga kawal. Tayong tatlo'y papasok doon!

Humakbang si Enrique. Kasunod niya ang dalawang bantulot na mga kasama. Hindi pa man sila nakalalapit sa masukal na pook ay pinigil sila ng isang putok na humaging sa kanilang mga paanan. Ipinalagay ng mga kawal ni Enrique na iyon ang hudyat ng pagsisimula ng paglalaban. Nagsipagpaputok ang mga iyon. Naghagingan sa kanilang ulunan ang maiinit na punlo. Maliksing nakaiwas sina Enrique at ang kanyang dalawang kasama. Ilang saglit lamang ay natulad sa isang impiyerno ang pook na iyon. Manakana-

(*Sundan sa pah. 20*)

# Mag-MADYIK Tayo


ni BA ARYO

## ANG MAGDARAYANG SILO

Ang silong babanggitin dito ay "magdaraya" — parang hindi talagang silo. Bakit? Sapagka't ito'y ilalagay sa hintuturo ng isang tao at maalis nang hindi padaraanin sa dulo ng hintuturo. Sa madaling sabi, kung ang silo (ng pisi) ay talagang silo, kailangan munang angatin ito sa hintuturo o kaya ay lagutin.

Pambihira ang magdarayang silo. Nguni't ito'y magagawa ninyo sa pamamagitan ng pamamaraang-madyik.

Ang sistema ninyo: magkakawit kayo ng isang silo ng pisi, tulad ng nasa A, sa hintuturo ng isa sa inyong "pagmamadyikan". Gagawa kayo ng ilang paekis-ekis na galaw sa inyong mga daliri. Pagkatapos, ipapatong lamang ninyo ang inyong hintuturo sa hintuturo ng inyong kaharap at mahihila na ng isa ninyong kamay ang "magdarayang silo".




Narito naman ang inyong siste:

A. Gumawa ng isang silo ng pisi. Ilagay ang dulo sa kaliwang hintuturo ng inyong kaharap, humigit-kumulang ay nasa tapat ng unang guhit ng hintuturo. Hawakan ng kaliwa ninyong kamay ang kabilang dulo ng silo.

B. Hawakan ng kanang kamay ang kaliwang pisi at buhatin sa ibabaw ng kanang pisi. Sa pagkuha sa kaliwang pisi, nasa dakong labas ang kanang hintuturo ninyo at nasa loob ng silo ang hinlalaki.

K. Habang nakataas ang pising hawak ng inyong kanang kamay, paikutin nang pakanan ang hintuturo at hinlalaki ng inyong kanang kamay (kasama ang pisi) hanggang sa matapat ang inyong hinlalaki sa hintuturo ng inyong kaharap. Ibaba ang inyong hinlalaki at hintuturo. Ang hinlalaki ay palusutin sa puwang na malapit sa hintuturo ng inyong kaharap (a).

D. Paikutin naman nang pakaliwa ang inyong hinlalaki at hintuturo. Sa pagpapaikot ay huwag pababayaang umigkas ang kaliwang pising napipigil na ng inyong hinlalaki. Itapat ang inyong hintuturo sa dulo ng hintuturo ng inyong kaharap.

E. Ipatong ang inyong hintuturo sa hintuturo ng inyong "pinagmamadyikan". Ang pisi na pigil ng inyong hinlalaki ay pabayaan ninyong umigkas, habang hinihila ng kaliwa ninyong kamay ang hawak na dulo ng silo. Ang buong silo ay makukuha ninyo nang hindi itinataas sa hintuturo ng inyong kaharap.


Upang lalong madalian sa pagsasagawa nito, tingnang mabuti ang mga larawan. Pag natutuhan na ninyo'y maaari ninyong isagawa nang mabilisan at walang makatatanda kung paano ninyo isinagawa.

Tulad ng ibang madyik — mas mabilis, mas kahanga-hanga.

(*Susunod: "Diyes Pares"*)

# DALAWANG TALAMBUHAY

***Sinulat ni CRESENCIO GER. CLEMENTE***



**Si Pabling sa gulang na dalawampu't tatlong taon. Sa gulang na iyan napangarap ni Pabling ang isang kapahamakan sa aeroplano na muntik nang pumuti sa kanyang buhay kahit panaginip lamang.**

MALIMIT na ang pagtitiklop sa isang mahalagang aklat ng buhay ay ibinababala ng yugtong nagpapahiwatig ng di-malalaunang pagwawakas, katulad ng pagwawakas ng isang maghapon na ipinahihiwatig ng pagbabalatay sa kanluran ng mapanglaw na silahis ng papalubog na araw.

Ganyan din ang pagwawakas ng buhay ni Pabling — may babala. At ang babalang iyon ay ang pagsariwa niya, dalawang araw bago sila inabot ng sakuna, tungkol sa napangarap niya noong taong 1953. Isang pangarap na tungkol din sa kapahamakan sa aeroplano.

Ayon sa kanyang pangarap, nakasakay raw siya sa isang aeroplano na... ewan kung bakit siya nakasakay at kung saan siya patungo. Sa hindi rin niya maunawaang dahilan, siya raw ay nahulog. At ang kanyang binagsakan: morge. Malalamig ang lahat ng madantayan ng kanyang mga kamay. "Isang talaksang mga patay!" Ang nagdudumilat niyang pagbabalita. At ang isa pang nakapagtataka ay napakarami raw ng bungong nangaroon. "Mga patay! Mga bungo!" ang balita niya na ang huling bahagi'y ipinagdidiinan kasabay ng pagmumuwestra ng dalawang kamay na nagpapahiwatig ng mga bilog na bungo.

At noon pa'y muntik nang masawi si Bautista samantalang nangangarap ng kapahamakang iyon. Sapagka't kaugnay ng nakapangingilabot niyang panaginip, alanganing gising at alanganing tulog na pumakabila siya sa palababahan ng kalapit na bintana buhat sa kinahihigan niyang kama, hanggang sa mahulog siya sa medya-agwa. Ang lamig ng yero ng medya-agwa ang nagsilbing "lamig ng mga bangkay" na "kanyang nilagpakan."

Ito ang kabuuan ng kanyang pangarap. Ito rin ang naging tagapagpahiwatig ng makulay niyang kamatayan, ang kamatayang tulad ng kanyang hiniling: biglaan, madula, at kahindik-hindik. Nguni't hindi sana ganyan ang kanyang naging wakas kung noon pang unang araw ng Nobyembre, taong 1947, na higit pang una kahit sa kanyang pananaginip, ay nahagip na siya ng mga punglo ng mga mapanliligalig na tumambang sa kanila.

Gabi noon ng **Todos Los Santos** ng taong nabanggit na ang mga manliligalig ay lubos pang makapangyarihan sapagka't ang bayang kaaahon lamang sa pakikidigma ay hindi pa lubos na mapangalagaan ng mga alagad ng katarungan. Nangaluluwa noon sina Pabling. Lulan ng isang "jeep" ay pabalik na sila sa kanilang nayon nang sa pagbagtas sa isang ilang na pook ay makarinig na lamang sila ng sunud-sunod na putok. Natiyak nilang sila ang pinapuputukan nang tamaan ang isa nilang kasama. Gayon na lamang ang kanilang pasasalamat at nabuo ang loob ng nagmamaneho ng kanilang sasakyan. Tinulinan nito ang pagpapatakbo sa kabila ng masinsing pagsasalimbayan ng maiinit na tingga, hanggang sa makarating sila sa pook na ligtas sa panganib.

Natalos sa pagsisiyat ng mga maykapangyarihan na mga taong-labas ang tumambang kina Bautista sa pag-aakalang sila'y mga alagad ng batas.

Ang pangyayaring iyan ay kabilang sa malilimit mabanggit ni Pabling kay Bb. Nicasio kung ang kanilang pag-uusap ay napapadako sa malagim na pangyayari, bagay na kung sumasapit ang ganitong pagkakataon ay dili ang hindi sinasagilahan ng pangamba ang huli.

MAGIGING isang kakulangan ng talambuhay na ito ang di pagpapakilala kay Bb. Paz "Chit" Nicasio. Datapuwa't labis kaming nangangambang maipakilala siya sa isang paraang makababanggit, kahit di-sinasadya, ng para sa kanya'y pansarili lamang o **personal.** Sapagka't anang isang bahagi ng liham niya sa amin: "Lubos akong nagpapasalamat sa inyong pagmamalasakit hinggil kay Pabling. Gayunman, mangyari sanang iwasan lamang ninyo ang mga bagay na ipinalalagay kong **personal.** Mangyaring sikapin ninyong maging matipid sa pagbanggit sa mga bagay na iba pa sa mga nalathala na..."

Kaya hindi kami lalayo sa bagay na nalathala na. Iyan ang hiling ni Bb. Nicasio. At ito ang pagpapakilala sa kanya ng isang babasahing pinaglathalaan niya ng kanyang **Hatinggabing Paglalakbay:** "Si Bb. Nicasio ang maestrang kasintahan ni Pablo N. Bautista na manunulat ng **Liwayway** na nasawing kasama ng Pangulong Magsaysay sa isang bundok ng Sebu noong Marso 17. Kinagabihan din ng araw na iyon, ay naglakbay si Bb. Nicasio na kasama ng mga mamamahayag lulan ng isang aeroplano upang patotohanan sa kanyang sarili kung buhay o patay ang kanyang kasintahan..." Ang **Hatinggabing Paglalakbay** ay "...tunay na karanasang sinulat niya tungkol sa kanyang pambihirang paglalakbay."

Si Pabling ay isang kilalang manunulat. Si Bb. Nicasio ay isang maestra at manunulat din. Kapuwa nilikhang pinananalaytayan ng dugong makasining... makapanitikan. At ang panitikan ding iyan ang naging dahilan ng pagkukurus ng kanilang mga landas, panitikang kumasangkapan sa KADIPAN upang sila'y magkakilala.

Ang kasaysayan ng kanilang pagkikilala ay siya ring kasaysayan ng pagkakatatag ng KADIPAN, isang kapisanan ng mga patnugot ng dahong tagalog ng mga babasahing pangkolehiyo.

Noong ika-22 ng Oktubre, 1950, sinulatan ni G. Tomas Ongoco ang lahat ng patnugot ng dahong tagalog ng nasabing mga babasahin upang itatag nila ang KADIPAN. Noon ay patnugot na si Bautista ng dahong tagalog ng **Varsitarian** ng UST samantalang patnugot naman si Bb. Nicasio ng dahong tagalog ng **The Torch,** pahayagan ng Philippine Normal College.

Nahalal na pangalawang pangulo ng KADIPAN si Pabling, at kalihim si Bb. Nicasio, mga tungkuling kapuwa nila hinawakan sa loob ng dalawang taon.

Noon nga nagkakilala sina Pabling at Bb. Nicasio. Noon nagsimulang sumupling sa kanilang mga puso ang isang pagtitinginang nang lumaon — noong Mayo ng taong 1951 — ay nauwi sa pag-iibigan. Nguni't katulad na rin ng buhay na kung minsa'y maligaya at kung minsa'y malagim, ang pinakamalagim na bahagi ng pag-ibig nilang iya'y noong nasa harap na ni Bb. Nicasio ang bangkay ni Pabling na

(*Sundan sa pah. 20*)



**Ang larawan kayang ito ang nagpapatotoo sa minsa'y isinulat ni Pabling kay Bb. Nicasio na: "Lagi tayong magsasama hanggang sa wakas ng panahon?"**

Pangkabataan

# "ITO ANG AKING AKDA"

KABATAAN: Ipadala sa pitak na ito... ang "unang bunga ng inyong panitik" at abangan. Kung "maaari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapn ng "Bagong Buhay", Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

Tandaan: huwag kukulangin sa kalahati ($\frac{1}{2}$) at huwag namang hihigit sa isa't kalahati ($1\frac{1}{2}$) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay. Kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking patlang (space). Ilagda sa ibaba ang buo ninyong pangalan, kalakip ang edad at direksiyon, o paaralan kung nag-aaral.

Ipadala ang inyong akda, sa: **ITO ANG AKING AKDA, Magasin ng Bagong Buhay, Manila Times Bldg., Florentino Torres, Maynila.**

## Tagsibol Ng Pag-ibig

*Noon... ang sabi mo:*
*"Ikuha mo ako,*
*Ng manggang maniba*
*Sa puno ng mangga."*
*"Aba!" ang sagot ko, "sintaas ng langit*
*Ang manggang ibig mong akyatin kong pilit;*
*Kay laki ng puno, di ko mahahapit,*
*At saka isa pa'y di sanay mangapit".*
*Noon palibhasa'y wala pa sa isip,*
*Ang kita'y angkinin sa ngalang pag-ibig.*
*Ikaw ay nagtampo*
*Sa sabing ayoko.*
*Kaya ang wika mo,*
*"Galit ako sa 'yo."*

*Ngayon... ang sabi mo:*
*"Ikuha mo ako,*
*Ng manggang maniba,*
*Sa puno ng mangga."*
*"Oo, aking sinta," at ikaw'y nagalak!*
*Kaya yaong mangga'y pilit kong inakyat;*
*Kung kamatayan man ang makakatumbas,*
*Maanong sa ngiti'y buhayin mo agad;*
*Paano'y ang manggang hangad mong mapitas,*
*Larawan ng aking pagsintang matapat...*
*Di ka na nagtampo,*
*Pagka't nakuha ko,*
*Ang manggang ibig mong*
*Mapunta sa iyo.*

—*RICARDO F. SUPAN*
432 San Nicolas
Gapan, Nuweba Esiha

## ISANG ARAL

ANAK ng isang mayamang balo si Fred. Sunod na sunod ang layaw ng binatilyo sa mabait na ina, palibhasa'y nag-iisang anak. Hindi nakapagtapos ng "high school" si Fred sapagka't walang inaatupag kundi ang magbumabad sa mga bar, manood ng sine, sumama sa mga "gang" ng mga tin-edyer at kung-anu-ano pang kasuklam-suklam na gawain.

Isang araw, sa isang istasyon ng tren...

"Aba, Fred... narito ka na pala. Marami tayong madidilihensiya rito!" ang pabulong na wika ng isa.

"Siyenga, ano!" ang pabulong ding sagot ni Fred. "Tawagin mo sina Max, Bino, Mando at Nano at sabihin mong magtatagpu-tagpo tayo mamaya sa kanto! Alam na ninyong lahat kung bakit..."

"Siyempre naman!" ang natatawang sagot ng pinagsabihan. "Anong oras Fred?"

"Mga alas-siyete medya."

At kinagabihan, sa isang madilim na kanto, isang babaing may edad na ang payapang naglalakad, nang...

"Huwag kang kikilos kung ayaw mong mamatay!"

Sa pagkabigla ng babae ay napasigaw ng "Pulis!... Puliiissss!" Nguni't isang putol na kahoy ang nagpatigil sa tili ng babae.

"Iwan na natin iyan d'yan!"

"Tayo na sa **night club.** Lang'ya!.. Fred! Tipak tayo! Dalawang daang piso ang laman ng **vanity!**"

At nagtungo ang barkada sa isang **night club.** Nag-inuman ng alak at nagsipagsaya. Magaalas-dose na nang...

"O, tayo na. Antok na antok na ako, e..." ang wika ni Fred sa mga kasama.

"Ikaw ang **boss** namin, e.



*(Sundan sa pah. 27)*

## MALIGAYANG TAHANAN... (*Buhat sa pah. 12*)

Marahil ay magtataka ang marami kung papaano nagagawa ni Gng. Rigor ang lahat nang ito. Iisipin marahil ng marami na naliligtaan na niya ang kanyang pamilya. Nguni't hindi. Ang lahat ay nagagawan niya ng paraan. At sa bahaging ito ay nasabi nga niya tuloy na "lahat ay naihahanap ng paraan kung talagang ibig."

Sa ilang oras na pakikipanayam namin kay Gng. Rigor ay maraming bagay ang aming napag-alaman na siya naming ibig paratingin sa ibang maybahay naman.

Sa ganang kay Gng. Rigor, sa sandaling ang isang babae ay "lumagay sa tahimik" ay kailangang italaga na niya ang kanyang sarili sa pagpapakasakit. Ang maraming pagsasamang nagwawakas sa malungkot na paghihiwalay o pangyayari ay sanhi kung minsan ng paniniwala ng babaing ang paglagay sa tahimik ay magdudulot ng kapayapaan at kaginhawahan para sa kanya. At nasa paniniwalang ito kung bakit ang ibang maybahay ay sadyang ayaw umunawa sa kaunting pagkukulang ng kanilang mga kabiyak.

Si Gng. Rigor ay wala nang masasabi pa ukol sa kanyang kabiyak. Ayon sa kanya'y maunawain si Kor. Rigor, mabuting ama, mapagmahal at mapag-alala sa pamilya. Manapa'y masasabi niyang nasa kanyang kabiyak ang mga katangiang maaaring hanapin ng babae sa isang lalaki. Gayunman ay may kaunting hinanakit siya. Hindi kaninupaman kundi sa pangyayaring ang buong panahon ng kanyang kabiyak ay hindi kanya. Nauunawaan naman niya ang gayon sapagka't talagang ganoon ang naglilingkod sa hukbo. Nasabi pa nga niya sa amin na ano man ang balakin niyang nauukol sa kanilang tahanan ay hindi niya mapagpasyahan agad sapagka't batid niyang ang kanilang pamumuhay ay "walang katiyakan". Madalas daw na may binabalak siya ngayon nguni't bukas ay iba na ang nangyayari. At ito ay likas na sa buhay ng mga naglilingkod sa hukbo. Ang ano mang tungkulin ay kailangang tuparin sa takdang panahon.

Nguni't sa kabila ng lahat ay may nadaramang kasiyahan si Gng. Rigor. Ang buhay sa hukbo ay isang bagay na nakapananabik at dito ay marami siyang natutuhan. Ang mahalaga sa lahat ng yugto ng kanyang pagiging maybahay ng isang pinuno sa hukbo ay nang panahong kalihim pa ng Tanggulan ang yumaong Pangulong Magsaysay. Sa pamilya ng yumaong Pangulo natuto siya ng maraming bagay. Palibhasa'y magkalapit lamang ang kanilang bahay kung kaya't sila'y napagpapayuhan ng mabait na mag-asawa, lalo na sa pagpapasunod sa mga anak at pakikitungo sa kapuwa.

Si Gng. Rigor ay anak ng isang pinuno rin ng hukbo at lumaki siyang sanay na sa buhay na ito. Ang kanyang mga magulang ay taga-Laoag, Ilocos Norte at Kagayan. Marunong siya ng mga wikang Ilokano, Ibanag at Tagalog at mahusay siya sa Ingles. Nagtapos sa pagiging guro (B.S.H.E.) sa Pamantasan ng Pilipinas.

Naglingkod sa pagkaguro si Gng. Rigor bago nagkadigma nguni't nang madagdagan na ang kanyang mga anak ay minabuti ng kanyang kabiyak na manatili na lamang siya sa tahanan upang alagaan ang mga ito.

Malaya ang diwa ni Gng. Rigor sa kanyang pagpapasunod sa mga anak, sa kanyang mga kilos, pakikiharap sa kapuwa at maging sa pagbibigay-kuro sa kasalukuyang mga pangyayari sa daigdig. Ito ay mga kapaki-pakinabang na bagay na natutuhan niya nang sila ay maniraban sa Estados Unidos sa loob ng tatlong taon noong katapos pa lamang ang digma.

Ang mga Rigor ay may anim na anak sa kasalukuyan. Ang panganay nilang dalagita na ay si Pinky at ito'y maglalabimpitong taon na. Ang sumusunod ay pawang mga lalaki na, at ang lahat ay malulusog at masisigla.

Ang mga bata sa tahanan ng mga Rigor ay pawang mababait at sa kanilang mga kilos ay mapagkikilalang sila'y lumaki sa turo ng kanilang mga magulang. Ang isang nakatatawag ng pansin sa mga ito ay ang kanilang pagiging malaya sa paglalambing at pagtatapat ng kanilang suliranin sa kanilang mga magulang. Kung ang pagpapalagayan ng mga anak at magulang sa maraming tahanan ay tulad ng sa mga Rigor, marahil ay maiiwasan ang "pagmamalabis" ng mga kabataan sa kasalukuyan.

Anupa't ang tahanan ng mga Rigor ay masasabing isang langit para sa kanilang mag-anak. At ito'y bunga ng magandang simulain at pagkaunawa sa buhay ng mga kaluluwang doo'y nananahanan. (X)

## Dalawang Talambuhay

(Buhat sa pah. 18)

ayon sa kanya: "Habang pinagmamasdan ko ang labi ng isang dati'y matipunong pangangatawan ay lalo lang nagtumibay sa aking isipan ang katotohanang sapagka't tayo ay sa alabok lamang galing kung kaya't sa alabok din ang ating uwi."

"Ang kanyang ngiping noong may dalawang linggo bago maganap ang sakuna ay buong yabang niyang ipinakikita at ipinagmamalaki sa akin na walang kasira-sira, ay naroroon pa rin — buong-buo.

"Sa ganito'y hindi na ako nagkakamali. Ito si Pabling. Si Pabling nga ang kaunaunahang bangkay na nakuha .. ang bangkay na nang sabihing nakilalang sa Pangulong Magsaysay ay bigla akong kinabahan habang ako ay kumakain, ang bangkay na ibinalita sa mga radyo na sa Pangulong Magsaysay na sinundan-sundan na ng mga tao— oo, ito nga ang bangkay ni Pabling."

Iyon ang wakas ng buhay ni Pabling, at sa pagwawakas na iyon, ang **Liwayway** na pinaglingkuran niya, bilang huling alaala ay nag-ukol ng isang lathalain na sa huling bahagi'y nagsasaad:

"Sapagka't yumao ang 'Idolo ng Bayan', ang Pangulong Magsaysay, ay maaaring gayundin ang ninais ni Bautista upang hanggang sa kabilang buhay ay masubaybayan niya ang naging paksa ng kanyang panulat sa loob ng nakaraang mahigit na tatlong taon!"

Isinilang si Pablo N. Bautista noong ika-25 ng Enero, 1930. Isinilang ang isang pag-ibig na nauukol sa kanya noong Mayo ng taong 1951— ang pag-ibig ni "Chit" kay Pabling.

Humigit-kumulang, sa bahaging ito'y nagwawakas na ang talambuhay na nauukol sa kanya. Subali't kung kailan nagwawakas (kung may wakas nga) ang isa pang talambuhay — ang talambuhay ng isang pag-ibig na isinilang sa buwan ng mga bulaklak — ang panahon at tanging ang panahon lamang ang makapagtatakda. (X)

## Ilusyon

(*Buhat sa pah.* 17)

kang mangibabaw sa nagngangalit na putukan ang nakapangingilabot na panaghoy ng mga tinatamaan. Makalibong ulit na sumagitsit ang nagbabagang punlo sa naghihimagsik na laman.

Pagkaraan ng mahabang sandali ay madalang na ang isinusukling putok ng mga nasa kakahuyan. Sinamantala ni Enrique ang pagkakataon.

Inihudyat niya ang paglusob. Pinasok nila ang masukal na dawag at nakita nilang naghambalang ang maraming patay. Inisa-isa ng kanyang paningin ang mga nasawi. Natagpuan niya ang kanyang hinahanap. Mabilis niyang nilapitan ito at pinangko. Bahagya nang nagmulat ng mata si Alfredo.

—Alfredo, bakit pa kinailangang magkaganito ang pangyayari?

—Enrique, —ang nahihirapang tugon ng kanyang kaibigan, —ang tungkulin natin sa ating bayan ay lumalaktaw sa ating pagsasama! Wala akong sama ng loob sa iyo. Pagkatapos ng lahat ng ito ay papanaw akong matapat pa rin sa ating pagkakaibigan! Enrique...

Marahang tumayo si Enrique. Sa kanyang puso ay may isang mabigat na pataw. Sinisisi niya ang kanyang kapalaran kung bakit siya ay isinilang na isang Hapon. Nakilala niyang sa pagmamalasakit sa bayan ay walang tibay na ipaglalaban ang tanikala ng pagkakaibigan. Hindi niya napapansin ay gumawa ng landas sa kanyang pisngi ang maiinit na luha. Naisip niyang dahil sa balintunang kapalaran nila ni Alfredo ay nagsilbing isang ilusyon lamang ang kanyang isinumpang katapatan sa kaibigan.

Naulinigan niya ang nagbubunying hiyawan ng kanyang mga kawal: BANZAI! BANZAI! Aywan niya kung bakit ang pagtatagumpay nilang iyon ay tila bahaw... walang buhay ... wala ni bahagya mang kahulugan ng kadakilaan.

Marahan siyang lumapit sa kanyang mga kabalat na nagsisipagbunyi. Mabilis na nabuo ang isang pasiya sa kanyang nalilitong isip. Batid niyang iyon ay ginagawa lamang nila kung may kinalaman sa kanilang bayan, nguni sa pagkakataong iyon, ang binabalak niyang gawin ay bibigyan niya ng bagong kahulugan. Tigas-loob niyang binunot ang kanyang **sable**, at bago nakakilos ang sinuman ay walang pakundangang isinaksak sa kanyang tiyan. (X)

—oOo—




### o, langit!

*kung ang aking ilaw sa pangungutitap*
*di na mababawi ang dating liwanag—*
*o, langit bakit pa*
*palalawigin mo yaring paghihirap*
*sa silid ng aking kasawiampalad?*

*kung ako din lamang ay magpapatuloy*
*sa kinahinatnang lungayngay na dahon—*
*ano pa at di mo*
*ipaubaya na sa kaibang simoy*
*ng hanging hininga ng maputlang hapon?*

*kung ako'y wala nang ganap na pag-asa*
*sa nilalamay kong halik ng umaga—*
*para mo nang habag,*
*huwag palalimin ang pagkabalisa*
*sa luksang magdamag na naalaala.*

*kung ako nga'y sadyang sa dusa inakay*
*at dini hintayin ang huli kong araw—*
*huwag nang ilayo*
*yaring pangitain sa katutunguhang*
*ang bawa't sandali'y kaluwalhatian!*

## Kayo At...

(*Buhat sa pah.* 9)

aaring magamit. Katunayan, ang *baking soda* na inihalo sa pinong asing pangmesa (table salt, 3 sa isang bahagi) ay nakasisiyang panlinis.

*Ano ba ang panggamot na "fluoride"?* Ang fluoride na ginagamit sa ngipin ng mga bata ay nakatutulong sa pagpapatibay ng ngipin. Kahit na walang kabutihang bungang mamamasid sa bawa't bata, ang panggamot na ito'y sinasabing nakapagpapaunti sa pagkasira ng ngipin sa 40 hanggang 65% sa malaking pangkat ng mga bata.

*Ano ang tinatawag na "anim na taong bagang"?* Ang *anim na taong bagang* ay ang unang palagiang ngipin at ang mga ito'y lumalabas kung ang bata'y anim na taong gulang na. Ito'y lumalabas na sunod sa ikalawang bagang ng sanggol.

*Bakit mahalaga ang mga "anim na taong bagang?"*

Ang mga ito ay siyang mga unang palagiang bagang na lumalabas bago mabungi ang mga ngiping-sanggol. Ang mga bagang na ito'y madalas na ipagkamali sa mga pansamantalang ngipin at maaaring maging patnubay sa wastong pagkakaayos ng palagiang mga ngipin.

*Ano ang mga dahilan ng mga batik sa mga ngipin?*

Ang mga ito'y maaaring dahil sa mga batik panloob na kalagayang tulad ng paninilaw (jaundice) sa bagong-panganak o ang pagdugo ng ngipin (tooth pulp).

Maaaring ito'y dahil sa mga panlabas na kalagayang tulad ng paglalapatgamot na makapagpapaitim sa ngipin o sa di mabuting pangangalaga ng ngipin na nagbibigay ng berdeng batik.

*Ano ang bagay na makapagpapaunti sa bukbok o pagkasira ng ngipin?* Ang maaga, wasto at panayang pangangalaga ng ngipin sa ilalim ng maingat na pamamatnubay, gayon din ang sapat at timbang na pagkain, ay mga mahalagang pantulong.

—oOo—

## Lupa sa...

(*Buhat sa pah.* 7)

taga-Tagkawayan, Quezon at idinaing ang mabagal na pamamahagi ng may 8,000 ektaryang lupaing-bayan, walang kaabug-abog na nagtungo roon si RM noong Abril, 1954. Pinangunahan niya ang pagsisiyasat at pagsusuri.

Nabatid ni RM na ang 8,000 ektaryang kagubatan ay maaaring gawing sakahan. Ang 5,000 ektarya niyon ay nahawan na ng mga magsasaka at may 3,000 ektarya na lamang ang nalalabi. Sa tagubilin ni G. Orlando Ordoñez, tagapamahala ng himpilan sa panggugubat sa Tagkawayan, ay ipinahati ni RM ang lupain sa mga dukhang magbubukid.

Naging mabilis sa pagpapasiya ang "Idolo ng Bayan" sa mga suliranin sa lupa. Nguni't hindi niya inapi kailan man ang mga namumuwisan o nakikisama.

Sapagka't ayon sa talumpating binigkas niya sa dalubhasaan ng pagsasaka ng Pamantasan ng Pilipinas sa Los Banyos, Laguna noong Oktubre, 1954 ay may patakaran siyang ganito:

"Mahigit na kalahati ng ating mga magsasaka ang namumuwisan o may-ari ng lupang wala pang dalawang ektarya bawa't isa. Dahil sa maliit na kinikita, sila'y nagiging biktima ng mga usurero... Marami sa kanila ang walang titulo ng kanilang lupa. May palatuntunan ang Pangasiwaan sa pagbibigay ng titulo ng lupa sa may 5,000 magsasaka sa loob ng limang taon. Nguni't ang limang taon ay napakatagal sa suliraning ito. Sa pamamagitan ng mabuting pagmamanukala — sa maliksing pagkilos — ay sinisikap naming matapos ang limang taon sa isang taon lamang."


Sa loob ng maikling panahong ipinanungkulan ni RM ay maraming malalaking asyenda ang nabili ng pamahalaan at pinag-awi-awi sa mga namumuwisan. Nagtatag siya ng mga proyektong pamahayan sa pangangasiwa ng EDCOR, **National Resettlement and Rehabilitation Administration** (NARRA) at mga lupong nagsasaalang-alang sa mga suliranin ukol sa pagsasaka.

Milyong Pilipinong nabiyayaan ng lupa at mga kaluwagan sa pagbubukid ang nagpasalamat kay RM. Maging ang mga pinuno ng pamahalaan, ang mga nilikhang nabibilang sa matataas na lipunan, ay humanga kay RM.

Ani Embahador Carlos P. Romulo:

"Nagpamalas siya ng katalinuhan nang ibunsod ang pagbibigay ng lupa sa walang lupa, sa pamamagitan ng pamamahagi sa mga magsasaka ng malalawak na kagubatan sa Mindanaw. Ang mga Huk na mapayapang sumuko ay hinandugan niya ng pamahayan, bukod sa pagpapautang ng puhunang salapi at mga kagamitan sa pagsasaka. Matagumpay ang proyekto... at siya'y itinuturing na bayani ng sambayanan."


Ang "locker" na ito ay mainam ikabit sa dinding. Dahil dito, kakailanganin ang dalawang putol na kahoy na magkakabit dito sa dinding nang walang sagabal sa takip sa pagbubukas at pagsasara nito.




Gumamit ng isang putol na may ¾" na kapal at ukitan ang mga dulo upang maikama ang tabing na pangharap at panlikod.

# PAGGAWA NG "LOCKER"

Palugitan nang bahagya ang taas ng takip na pangharap upang maipantay ang dulo nito sa dulong itaas ng mga gilid. Madali ang pagpapantay nito kapag napagkabit-kabit na ang mga bahagi.





Ang takip na pang-ilalim ay maaaring ipako o iturnilyo buhat sa ilalim. Ito'y gawin matapos maidikit ng kola ang mga lapat (joints).




Pagkayari ng "locker'," ito'y maaaring barnisan o pinturahan ng nais na kulay.

# PAGLILINIS NG MGA MAY PINTURA



Hugasan ng mainit na tubig na may bula ng sabon ang ibabaw ng dinding, halimbawa. Gumamit ng planela.

Ulitin ang paghuhugas at pagkatapos ay punasan ng basahang binasa ng mainit na tubig. Pabayaang matuyo ang nililinis.


Ilubog ang isang pirasong basahan sa langis, saka patuluin hanggang sa mamasa-masa na lamang ito. Punasan nito ang dinding nang isang direksiyon lamang.


Ang puting pintura ay maaaring linisin ng tubig ng sibuyas. Magpakulo ng 3 o 4 na sibuyas hanggang sa mawalan ng katas ang mga ito. Salain ang tubig.

Maglubog ng isang malinis na basahan sa tubig na ito at ikuskos sa pintura. Sa pagpapakintab ay dapat gumamit ng tuyong pamunas. Ang magaang na pagpupunas ay magpapakintab sa pintura.

Ang gatas ay maaari ring gamitin sa puting pintura, o kaya'y gatas at tubig. Sundin ang pamamaraang ginawa sa paggamit ng tubig ng sibuyas. Sa walang kadahilanan ay huwag gagamit ng soda.






Si Gus at Si Jaq
ni Walt Disney
DALA ANG SANDATANG ALPILER, SINUGOD NI GUS ANG NATUTULOG NA SI LUSIPER. KAILANGANG ILIGTAS SI JAQ...
NANU KAYA'NG PLANO NI GUS...?
PALALAYAIN NI GUS ANG BUNTOT NI JAQ!
SUGOD!
PAG SINABI KONG "ZUK ZUK", TAKBO SA BUTAS SA DINGDING, JAQ!
KILITI!
ZUK ZUK!
BOTAK, GUS, BOTAK!!
TUMATAKBO NA 'KO!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
KRASH!
3-31
Distributed by King Features Syndicate.
PAGKALIPAS NG ILANG SAGLIT, MAY MASAYANG SALU-SALO SA SILID NI SINDERELA SA LUMANG KASTILYO...
...AT SALAMAT, SALAMAT, SALAMAT SA PAGKAKABALIK NINYO SA AKING ALPILER! PINALIGAYA N'YO AKO NANG LABIS!
PAG MALIGAYA SI SINDERELA, KAMI AY MALIGAYA!
TAPOS NA!
the End
SUSUNOD: JOHNNY TREMAIN ni WALT DISNEY



"VILLA MUERTE"
Nobela ni
PATROCINA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER ESQUIVIAS
IKA-7 LABAS
Ang Nakaraan
DAHIL SA KATUTUBONG SIPAG SA GAWAIN, SI ARMANDO'Y PINAPURIHAN AT TINAASAN NG SUWELDO NI MR. ALEGRO--MAY-ARI NG BILBAO ENTERPRISES. GAYON PA MA'Y DI NALUBOS ANG KALIGAYAHAN NI ARMANDO DAHIL SA NAPANSING PAGKAMUHI O PAGKAINGGIT NG MGA KASAMAHAN, LALO NA NI MR. FLAVIO, ANG CHIEF CLERK. TINANGKA NIYANG KAIBIGANIN ITO, NGUNI'T NABIGO SIYA. ILANG LINGGO PA ANG NAKALIPAS, ISANG UMAGA...
MAGANDANG BALITA ITO, ARMANDO.!...MUKHANG HINDI MASASAYANG ANG DIPLOMA MO SA PAGKA-BOOKKEEPER.!
MR. SOLIS?! IBIG N'YONG SABIHIN, GAGAWIN NA AKONG---
OO, IKAW ANG GAGAWING BOOKKEEPER NG KOMPANYA.! TENA'T HINIHINTAY KA NI MR. ALEGRO.!
HINDI AKO MAKAPANIWALA, MR. SOLIS.! TALAGANG HINDI.!
H.V. ALEGRO
TALAGANG HINDI.! SABIHIN MO'Y INAASAHAN NIYA IYAN, PAGKA'T WALANG TIGIL ANG KALALANGIS NIYA SA MANEDYER.!
UMANDAR NA NAMAN PO ITONG SI MISTER INGGIT.!
AT HINDI AKO MAGTATAKA KUNG BALANG-ARAW, MAALIS TAYO SA TRABAHO DAHIL SA SIPSIP NA 'YAN.!
KUNG NAGING RELASYON KO LANG SI ARMANDO, BINUNTAL KO NA SA NGUSO ANG INGGETERONG 'TO, E.!
IKAW DIYAN, REYES.! KAINGAT KA'T MERON NA TAYONG "PUSA" RITO.! IYANG TINAMAD-TAMAD MO.!
HUWAG KAYONG MAG-ALALA, MR. FLAVIO...PUWEDE RIN NAMAN AKONG MAGTINDA NG LIGHTER AT BLADE, KUNG SAKALI.! HA-HA-HA-HA.!
HINDI AKO NAKIKIPAGBIRUAN SA IYO, REYES.! ABA, TALAGANG DELIKADO KANG MATANGGAL SA TRABAHO.!
DIYOS ME.! AT NAGALIT PA.! OKEY.! OKEY.! ARYA TRABAHO.!
HINDI NAGTAGAL...
MGA KASAMA.! IBIG KONG IPAKITA SA INYO ANG MAGANDANG HUWARAN NG KASABIHANG GINAGANTIMPALAAN ANG KATAPATAN AT KASIPAGAN SA TUNGKULIN.!...
ETO SI ARMANDO, NA NOONG ISANG BUWAN LAMANG AY CLERK-TYPIST...BOOKKEEPER NGAYON.! BAKIT TINAASAN NG PUWESTO? DAHIL SA KASIPAGAN.!
DAHIL SA PAGSISIPSIP 'KA N'YO.!
TENA, ARMANDO.! IPAKIKITA KO SA IYO ANG BAGONG MESA MO.!
TULAD NG DATI, NAGLILIYAB NA NAMAN SA INGGIT ANG MGA MATA NI MR. FLAVIO.! TSK-TSK-TSK.!
ETO ANG MESA MO, ARMANDO.! MAGANDA, HA?
OHO, MR. SOLIS.! ESTE, MR. SOLIS, SI MR. DIOSDADO, ANG DATING BOOKKEEPER NA PINALITAN KO...PAANO SIYA?
UHMM...BAKIT MO SIYA IINTINDIHIN? TAMAD SIYA AT HINDI MAAYOS ANG TRABAHO, KAYA SIYA PINALITAN.! HUWAG KANG MAG-ALALA; WALA KANG KINALAMAN SA PAGKAKAALIS SA KANYA.!
E...OHO, MR. SOLIS... SALAMAT HO.!...
AT NAIWAN SA BAGO NIYANG PUWESTO SI ARMANDO, NGUNI'T HINDI SIYA MAPALAGAY.! PARANG MAY NAGSASABI SA KANYANG HINDI NIYA DAPAT IKALIGAYA ANG PANGYAYARING YAON.!
ITUTULOY


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
nina LEE FALK at PHIL DAVIS
MAGNA, PINAKAMALAKING PLANETA NG KALAWAKAN! ANG DAKILANG ARAW-- HULING PAGPILI NG MAGIGING "BINIBINING KALAWAKAN"!
CAROLA, EMPERATRIS NG LABINDALAWANG PLANETA, AY DUMATING ANG KABIGUAN SA KANYA NI MAGNON ANG NAGPASIMULA SA TIMPALAK.
CAROLA--LALONG MANINGNING ANG KAGANDAHAN MO NGAYON.
SALAMAT, KAMAHALAN.
SAMPUNG MILYONG KAGANDAHAN AT HINDI PA RIN NIYA MAALIS ANG PANINGIN SA AKIN--ANG ULOL!
SUMAIYO ANG KAPALARAN, NARDA.
KAKAILANGANIN KO IYAN--MAGAGANDA ANG MGA KALAHOK--HAHARAP AKO KAY MAGNON--EMPERADOR NG ISANG MILYONG PLANETA--OH--
NARDA NG DAIGDIG!
HINDI KO PA NARIRINIG ANG DAIGDIG. PLANETA KO BA IYON?
HINDI, KAMAHALAN. ISANG MALIIT NA PLANETA SA GILID NG KALAWAKAN.
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
3-31
NARDA NG DAIGDIG--MM MMMMM
ABA--TINITITIGAN NIYA SI NARDA--GAYA NG DATING PAGTITIG SA AKIN!
ITUTULOY-


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-14 NA LABAS
.ang nakaraan:
NAGTUNGO SI LEANDRO KINA TERESA UPANG IHINGI NG PAUMANHIN ANG NANGYARI ... PARANG NAPATDA SIYA NANG MAKITANG PATAY NA ANG INA NG DALAGA. PAIYAK NA SINABI NI TERESA NA SINA DON FILEMON AT LULU ANG NAGING SANHI NG LAHAT, AT SA LABIS NA SAMA NG LOOB AY HALOS IPINAGTABUYAN ANG BINATA...
OO, TERESA... AALIS AKO! NGUNIT INUULIT KONG MALABIS KONG DINARAMDAM ANG PANGYAYARING ITO... AT AKO'Y NAKIKIRAMAY SA INYO!
Katha ni
EDDIE RAÑOLA
NAKATUNGONG TINUNGO NG BINATA ANG PINTUAN. UMIIYAK NA SUMUNOD SI TERESA AT KATAL ANG TINIG NA...
AT SABIHIN MO SA IYONG AMA NA ISINUSUMPA KONG AKO'Y MAGHIHIGANTI! IPAGHIHIGANTI KO ANG PINAKAMALUNGKOT NA ARAW NA ITO SA AMING BUHAY!
HINDI NA SUMAGOT ANG BINATA. MALAYO NA NANG MULING LUMINGON SA PINANGGALINGANG TAHANAN...
HINDI KO SIYA MASISISI ... DAPAT LAMANG SIYANG MAGKAGAYON SA AMIN, LALUNA KAY LULU AT SA AKING AMA...
SA KABILA NG MGA NANGYARI AY HINDI NAGKAROON SI LEANDRO NG BAHAGYA MANG SAMA NG LOOB SA DALAGA. AT NANG ILIBING ANG INA NITO AY KABILANG SIYA SA MGA LIHIM NA NAKIRAMAY...
HU-HU-HU -HU-HU...
HU-HU-HU-HU... 'NAY KOOO!... HINDI NAMIN MAKIKITA ANG NANAY KO...! NAAAAAYYY!... HU-HU-HU-HU...
R.I.P.
PAPAGING DAPATIN MO NAWA SA IYONG KAHARIAN, DIYOS KO, ANG KALULUWA NG YUMAO...
PAUWI NA ANG LAHAT, NANG TANGKAIN NI LEANDRONG MULING KAUSAPIN SI TERESA, NGUNIT...
UTANG NA LOOB! ... SINABI KO NA SA IYONG HINDI NA KITA GUSTONG MAKITA KAILAN MAN!
NGUNIT... NAIS KO LAMANG MALAMAN MONG...
TERESA! NAKIKIUSAP AKONG DINGGIN MO LAMANG AKO SANDALI!... IBIG KONG MALAMAN MO ANG...
HINANGAD NG BINATANG SUNDAN ANG DALAGA, NGUNIT ISANG LALAKI ANG GALIT NA HUMADLANG SA KANYA, AT...
HUWAG MONG PILITIN ANG TAONG AYAW MAKIPAG-USAP SA IYO, LALU NA'T ISANG DALAGA! NATATANDAAN KONG GANYAN DIN ANG SABI MO SA AKIN NOONG HAPONG UNA TAYONG MAGKATAGPO, HINDI BA?
NGUNIT...
BASTA HUWAG MO SIYANG KAUSAPIN PAGKAT AYAW NIYANG MAKIPAG-USAP SA IYO, NAINTINDIHAN MO?
NAGPAKATIMPI SI LEANDRO, AT HINDI NA KUMIBO. SAMANTALA, HANGGANG SA BAHAY AY SINUNDAN SI TERESA NG LALAKING KUMAUSAP KAY LEANDRO...
INIHATID KO KAYO, TERESA, UPANG IHANDOG ANG AKING TULONG AT PAKIKIRAMAY SA INYONG MAGKAPATID...
JOSE ISLA
SALAMAT, JOHNNY... NGUNIT KUNG MAAARI'Y IWAN MO MUNA KAMI! NAIS NAMING MAPAG-ISA... MAAARI BA?
HINDI AKO AALIS HANGGA'T DI KO NAIPABABATID SA IYO ANG BINUO KO NA SA SARILI BUHAT NANG MABALITAAN KONG NAMATAY ANG INYONG INA...
HABANG PATULOY NA NAGSASALITA ANG LALAKI AY UNTI-UNTING NAPAPAMULAGAT SI TERESA, AT PAGKUWA'Y BUONG PAGKAMUHING...
ANO ANG SINABI MO? ..TALAGANG MASAMA KANG TAO!
ITUTULOY—



"Kitang-kita ko noon na mahigpit siyang yakap...

# "Ang Aking Si Ninay"

## *Pagtatapat Ng Isang Ahente*

**Kay BENITO R. CADIZ**

**NGAYON** ay buwan na naman ng Hunyo. At hindi ko maiwasang gunitain ang ilang pangyayaring naganap sa aming buhay.

Tandang-tanda ko pang buwan din ng Hunyo nang isangla sa akin ni Ninay ang kanyang pag-ibig. Isang taon kaming naging magkasintahan ... at buwan din ng Hunyo nang kami'y pakasal upang "magsama habang buhay". Buhat noon, ang buwan ng Hunyo ay naging isang makasaysayan at maligayang buwan para sa aming mag-asawa. Sapagka't tuwing darating ang buwang ito, sa loob ng ilang taon na naming pagsasama, ay muli't muling ginugunita namin ang masasayang araw ng aming pag-iibigan; naghahandugan kami ng alaala at ipinagdiriwang namin ang araw ng aming pag-iisang-dibdib.

Hindi lamang iyan. Parang sinadya ng mga pangyayari ay buwan din ng Hunyo nang matuklasan ko ang isang napakagandang katotohanan: na ang aking asawa, ang minamahal kong si Ninay, ay lubhang dakila at sadyang karapatdapat sa matapat kong pagmamahal.

Ilan kayang babae sa balat ng lupa ang katulad ng aking si Ninay?

Naito... isasalaysay ko sa inyo ang aming kasaysayan, na kaipala'y magsisilbing isang magandang halimbawa.

---

"Ang pinagsama ng Diyos ay di maaaring paghiwalayin ng tao..."

Ang pangungusap na iyan ng paring nagkasal sa amin ni Ninay ay naging isang lakas na bumuklod sa matamis naming pagsasama. Sa tuwing magkakaroon kami ng bahagyang tampuhan, hinanakitan o sanda-sandaling alitan na di maiwasan ng sinumang magasawa, ay iyan ang ipinaaalaala namin sa isa't isa: **"Ang pinagsama ng Diyos ay di maaaring paghiwalayin ng tao".** At dagling maaalis ang ano mang samaan namin ng loob. Hihingi kami ng tawad sa isa't isa, at muling manunumbalik ang tamis ng aming pagmamahalan.

Maligaya kaming mag-asawa. Lalo't higit akong maligaya sa aming pagsasama. Maalalahanin si Ninay. Mawawain siya sa mga bagaybagay. Kung mayroon kaming hinanakit sa buhay ay walang iba kundi ang di namin pagkakaroon ng anak. Tatlong taon na kaming nagsasama ay wala man lamang tandang matutupad ang malaon na naming pinakapapangarap.

—Magkaroon lamang tayo ng anak, —minsa'y sabi pa sa akin ni Ninay, —ay wala na akong mahihiling sa buhay na ito.

—Ako man... —sagot ko naman. —Nguni't nangangamba akong baka hindi na tayo magkaanak. Isipin mo... tatlong taon na tayong nagsasama ay wala pa...

Noon lamang parang namulat din si Ninay sa isang mapait na katotohanan. Napabuntunghininga siya.

—Bakit hindi tayo patingin sa doktor? —aniya, pagkaraan ng ilang sandali. —Baka nga may dipirensiya ang sinuman sa atin.

At sa kauna-unahang pagkakataon ay ipinasiya nga naming patingin sa manggagamot. Subali't mabuti pang hindi na namin ginawa ang gayon. Nang umuwi kami matapos patingin sa isang kilalang doktor na may klinika sa Abenida Rizal ay malungkot kaming mag-asawa. Sapagka't nabatid naming di na nga pala kami magkakaanak kailanman. At hindi si Ninay ang masisisi sa pagkabigo ng aming pag-asa. Ako ang may dipirensiya. Baog ang aking katawang-lupa na di maaaring magbinhi ng buhay sa piling ng aking kabyak.

Buhat noon, nawalan na ako ng sigla. Pinakadamdam ko ang nabatid naming katotohanan. Hindi ko sana daramdamin nang labis ang gayon, kung hindi nahalata kong nalungkot din si Ninay sa aming natuklasan. Nangamba akong magbago na ang pagmamahal niya sa akin ngayong malaman niyang ako ang may dipirensiya sa di namin pagkaanak. Marami na akong nakitang mag-asawang walang anak. At ilan sa kanila ang nanlalamig sa asawa kapag nabatid na ang isa ang "may kasalanan" sa di nila pagkakaroon ng supling.

Aywan kung ano ang nangyari sa akin buhat noon. Parang nawalan na ako ng sigla at pinaghinanaktan ko ang aming kapalaran. Hanggang sa natuto akong mag-iinom ng alak at magbumabad sa mga bahay-aliwan upang makalimot.

Di miminsang pinaalalahanan ako ni Ninay na maaaring makasama sa akin ang gayon. Nguni't aywan kung bakit ipinalagay kong ang mga pagpapayo niya'y pagkukunwari lamang upang maikubli ang tunay niyang damdamin buhat nang malaman niyang hindi ko maibibigay sa kanya ang pinakamimithi niyang anak.

At nagbunga nang lalo pang malungkot ang mga pangyayari. Dahil sa tila tikis ko nang pagmamalabis sa sarili ay nagkasakit ako at naratay. Natigil ako sa paghahanapbuhay at unti-unting naubos ang aming natitipong salapi, hanggang sa masaid ang kahuli-hulihang pera naming mag-asawa.

Diyan na nagsimula ang ganap na pagbabago ng mga pangyayari sa aming buhay. Malimit nang magsalita nang pagalit sa akin si Ninay. Madalas na niya akong sumbatan.

—Ikaw kasi... katigas ng ulo mo! —ang minsa'y sabi pa niya sa akin. —Kung nakinig ka sa akin at tumigil ka sa mga kalokohan mo ay hindi natin aabutin ang magkaganito!

Sa mga pagsasalitang iyon ni Ninay ay nagkaroon ako ng masamang pakahulugan. Ipinalagay kong nagkagayon siya sapagka't kami'y nagdaranas na ng kahirapan. Nakaligtaan kong isipin na maaari nga lamang siyang magkagayon pagka't ako rin nga ang dapat sumbatan sa aming kinasapitan.

At lalong sumama ang tabas ng mga pangyayari nang isang araw ay sabihin ng aming doktor na kailangan sa akin ang isang operasyon. Kung hindi ay patuloy na lulubha ang aking sakit at maaaring ako'y maging paralitiko. Kailangan namin ang humigit-kumulang sa dalawang daang piso. Ang gastos sa operasyon at sa ospital ay maaaring gratis pa, nguni't ang para sa gamot man lamang ay kailangang akuin na namin.

Hindi namin malaman kung paano ang aming gagawin. Noon ako lubhang nabalisa. Ang tutoo'y ayaw ko pang mamatay. Ayaw ko pang mawalay kay Ninay, na sa kabila ng lahat ay minamahal ko nang gayon na lamang.

At diyan na nagsimula ang lalo pang malulubhang pangyayari sa amin ni Ninay. Buhat noon ay napansin kong malimit siyang umalis ng bahay at hatinggabi na kung umuwi. Malimit ko siyang usisain, nguni't kung anu-ano ang kanyang idinadahilan.

Nang panayan na ang pagalis ni Ninay sa gabi ay kinutuban ako ng masama. At nang minsang usisain ko siya at hindi naman niya ipinaliwanag kung saan siya nanggaling at kung bakit lagi na siyang umaalis sa gabi, ay nagdilim ang aking paningin. Nadampot ko ang isang botelya ng gamot sa aking ulunan at ibinato ko sa kanya, salamat na lamang at siya'y nakailag at di tinamaan.

Napahagulgol ng iyak si Ninay at pagkuwa'y nagkulong sa silid. Kinabukasan ng gabi, walang imik na nanaog uli siya ng bahay.

Hindi ko na napaglabanan ang damdaming nagumangatngat sa aking sarili. Sapagka't maaari ko pa namang makaya ang aking katawan ay binuo kong subukan. Kinabukasan ng gabi ay handang-handa na ako. Nang muli siyang umalis ng bahay ay palihim ko siyang sinundan. At nabatid kong nagtutungo pala siya sa isang kabaret sa may labas ng lunsod. Kitang-kita ko noon na mahigpit siyang yakap ng isang may edad nang lalaki na mukhang nakaririwasa sa buhay at sumasayaw sila sa gitna ng madilim na bulwagan.

Parang sinaksak ng patalim ang aking dibdib. Ibig ko siyang daluhungin nang mga oras na iyon upang pamukhaan sa kanyang kasamaan, danga't nakapagtimpi ako.

Nang umupo si Ninay at ang kasayaw niyang lalaki sa harap ng isang hapag ay palihim akong nanubok. Dinig na dinig ko ang kanilang usapan.

—Ano pa ang ibig mo at hindi mo ako masagot? Paligayahin kita. Ibibigay ko sa iyo ang kaginhawahan sa buhay na hindi mo pa nararanasan kailan man! —dinig na dinig ko ang salitang iyan ng lalaki. Parang binabayo ang aking dibdib.

—Ngayon ko lamang ipagtatapat sa inyo ang tutoo, Mister Garcia... —narinig

# BALITANG PANGDAIGDIG AYON SA KAMERA



IMPOSIBLE suball't tingnan ninyo si ALBERT E. COTE ng Lewiston ay nagsasanay na kumain ng "chicken barbacue" o nilitsong manok bilang paghahanda sa darating na "chicken festival". Tinanghal siyang hari ng "egg-eating world record", kamakailan.



TALAGANG DALAWA SILA — Sa panonood ng isang laro, si Billy Hogan ay napaloloob sa amerikana-ng kanyang ama nang paganito kapag ang temperatura sa Chicago ay bumababa sa kalagitnaan ng 40 grado.



SA AMING PAARALAN— Ang mga asong ito ay mga kasapi ng "dog obedience school" ng St. Louis, Mo. at sila'y kasalukuyang nagsasanay ng kanilang bahagi sa isang palabas sa telebisyon sa New York.



## 16 Na Baryong...

(*Buhat sa pah. 5*)

gumanap ng tungkuling tagapagpabalik sa kanila at muling pagpapatira sa kanilang nayon.

Sa San Esteban, San Antonio, Sambales, ang karamihan sa mga **camper** ay mga Igorot na nagsisipag-aral sa Trinidad Agricultural School. Dahil dito, lubos ang tiwala sa kanila ng mga taganayon kaya naging malapit ang kanilang pagsasamahan at pagtutulungan.

Ang mga **camper** sa Mabatang, Abukay, Bataan ay sa baryo ring iyon nagsipanggaling kaya sila na ang nagtutustos sa kanilang pagkain sa **work camp**. Natipid ang halagang inilalaan para sa kanilang pagkain, at ito'y naging bahagi ng ₱2,000.00 halaga ng **community center**.

Ang Baryo Paliparan, Kabite, ay natanyag dahil sa madalas na nakawan at kidnapan kaya ito'y nilalayuan ng mga dating nananahanan. Nang dumating dito ang mga lalaki at babaing **camper**, nabago ang takbo ng pamumuhay at ito'y naging kaaya-ayang panirahan

Sa Camohaguin, Gumaka, Quezon, buong lugod na tinanggap ang palatuntunan ng **work camp**, kaya ang kura-paroko roon ay nagmisa sa gitna ng bukid na kinaroroonan ng himpilan ng mga **camper**. Dumalo, hindi lamang ang mga taganayon ng Camohaguin kundi pati ang mga naninirahan sa mga karatig-bayan. 50 kabataan ng baryo ang nagsanay sa pamumuno ng kampo upang maipagpatuloy ang nasaksihan nilang palatuntunan ng **work camp**.

Dahil sa ang nagtataguyod sa mga **work camp** ay ang YMCA, ang mga pari sa Bugtong, Legaspi, Albay; Candaguit, Sibonga, Sebu; at Dawis, Zarraga, Iloilo ay nanuligsa sa mga sermon at lumapit sa mga pinuno ng pamahalaan upang pigilin ang pagtatatag ng mga kampo. Pinatanyag lamang ng mga sermon ang mga **work camp**. Nanabik ang mga taganayon, nakipag-usap sa mga **camper**, nakita ang mga gawain, nakiisa at nakilahok, at nagdala ng pagkain bilang tulong sa mga taong nagmamalasakit sa kanilang kaunlaran.

Sa Sagum, Dabaw, tulad sa ibang lugal na pinagdausan ng **work camp**, ang mga taganayon, tininti-del-baryo at pinuno sa munisipyo ay nagpahayag ng mga balak na pagtatatag ng **work camp** sa sarili nilang gastos kung magpapadala ang YMCA ng mga mamumuno.

Ang mga proyektong **work camp** ay isang palatuntunang nagbibigay ng pagsasanay sa mga nagsisipag-aral sa kolehiyo sa pamumuno, pakikisalamuha, pag-ibig at paggalang sa paggawa; pakikiisang-damdamin at pakikipamuhay sa karaniwang tao; kaalaman tungkol sa buhay-nayon, pagkamakabayan at mabuting halimbawa ng kautusang "ibigin mo ang iyong kapuwa".

Sa pamamagitan ng mga **work camp**, ang diwa ng pagtulong sa sarili ng mga taganayon, matanda o bata, at ng pagtuklas ng kanilang sariling kakayahang makapamuhay nang masagana at matiwasay, ay nagiging isang katotohanan! (X)

## Mga Payo...

(*Buhat sa pah. 9*)

Halimbawa'y sa pagtupad sa iyong mga pananagutan sa isang panonood ng sine at sa iba pang pagtitipuntipon.

8. Iniiwasan mo ba ang pakikinig sa usapan ng magkakasambahay?
9. Hindi ka ba napahihinuhod na pagkasunduin ang dalawang hindi magkasundo?
10. Maaari ka bang makatulong ng nag-aanyaya sa iyo sa pagtanggap ng kanyang mga panauhin kung kakailanganin?

Mga katumbas ng bilang na sinagot mo ng **oo**—

8-10. Nangangahulugang ikaw ay isang mabuting panauhin at maipagkakapuri ka.

4-7. Nakahihigit ka ng kaunti sa mga katangian ng isang karaniwang panauhin subali't kailangan pa ang karagdagang pag-aaral ng pakikiisa, pag-iingat at pakikiayon sa mga ugali ng kasama upang lalong kagiliwan.

3.- pababa. Nagpapahayag na ikaw ay lubhang makasarili, hindi marunong ng tumpak na pagtalakay sa isang bagay. Hindi ka popular, totoo ba?


# Kung hindi Kayo makapagsepilyo tuwing matatapos Kumain

**Minsang Pagsesepilyo lamang sa pamamagitan ng COLGATE DENTAL CREAM ay**

✔ ***Maghapong*** **Sumusugpo sa Pagkasira ng Ngipin!**
✔ ***Karakarakang*** **Pumapawi sa Masamang Hininga!**
✔ **Pinananatiling *Maganda't Malinis* ang Ngipin!**



Karaka-rakang nagkakabisa ang Colgate's upang masugpo ang masamang hiningang nagsisimula sa bibig sa 7 sa bawa't 10 pangyayari. Minsang pagsesepilyo lamang ng Colgate's ay iniiwang higit na malinis at sariwa ang inyong bibig sa loob ng 12 oras o higit pa. Sadyang naiibigan ng kabataan ang kasiya-siyang lasang maanghang ng Colgate's. Kaya't naiibigan nilang gamitin lagi ang Colgate's sa pagsesepilyo ng ngipin tuwing matatapos kumain—ang pinakamabuting paraan na napag-alamang nakababawas sa pagkasira ng ngipin. Tandaan, upang matiyak ang ganap na kalusugan ng ngipin ay makipagkita sa inyong dentista makalawang beses sa isang taon.

*Sapagka't*


**Colgate's ang tanging panlinis sa ngipin na may GARDOL* na sumusugpo sa pagkasira ng ngipin sa buong maghapon!**

Kaya't ang Colgate's ay hindi lamang lubusang nililinis ang ngipin — hindi lamang pinakikislap, at pinagaganda ang ngipin — hindi lamang ganap na pinababango ang hininga — nguni't sinusugpo rin ang pagkasira ng ngipin sa loob ng 12 oras o higit pa!



Minsang pagsesepilyo ng Colgate's sa umaga —at minsang pagsesepilyo sa gabi—ay nagbibigay ng maghapon at magdamag na pananggalang laban sa nakasisirang asido. Ang Gardol ng Colgate's ay bumubuo ng pananggalang sa buong maghapon! May kasiya-siyang lasang maanghang na naiibigan ng buong pamilya.

* Colgate's Trade-Mark for Sodium N-Lauroyl Sarcosinate





**Ang Pinakamabiling "TOOTHPASTE" Sa Pilipinas ...Sa E. U. A. ...Sa Buong Daigdig!**



Warl'y may "di-kanais-nais" na iminumungkahi si Max Alvarado kaya ganyan ang anyo ni Zaldy. Ito'y sa "LOS LACUACHEROS" ng Larry Santiago Productions na pinamamahalaan ni Pablo Santiago at tinatampukan ng "Lo' Waist Gang".

Sa tagpong ito sa "SANGA-SANGANG PUSO" ng LVN ay tila nagpapakiramdaman sina Armando Goyena at Charito Solis. Kasamang tumutupad ng mga pangunang papel sina Rosa Rosal, Eddie Rodriguez, Milagros Naval at Rosa Aguirre, sa direksiyon ni Susana de Guzman.



# ibat ibang kulay sa puting tabing

—ni eddie rañola



Tagpo sa "BUNDLE OF JOY" ng RKO Radio Pictures na ginagampanan nina Eddie Fisher, Debbie Reynolds, Adolphe Menjou at Tommy Noonan. Isang pelikulang teknikolor, maririnig dito ang mga bagong awiting "Lullaby In Blue", "Worry About Tomorrow", "All About Love", "Some Day Soon", "Bundle of Joy" at "I Never Felt This Way Before".

Nababalitang "may sama ng loob" si Eddie Rodriguez na di niya maibulalas. At ito'y nagsimula nang may magpakalat ng balitang tila "masama ang tama" ni Leroy Salvador kay Charito Solis.

Nguni't ang sama ng loob na iyan ni Eddie ay hindi maaaring di pa lumabas nang husto ngayong magkatambal sila ni Charito sa **Sampung Libong Pisong Pag-ibig** ng LVN. At may mga nagsasabing ang pagtatambal nilang ito ay maaaring maging simula na ng "isang bagong kabanata" sa buhay ng dalawang bituin.

---

**Sina Zaldy Zshornack at Shirley Gorospe,** ang magkatambal sa Sweetheart ng C. H. Santiago Film Organization, ay higit na hahangaan ng mga tin-edyer pagbabalik nila sa sariling bayan. Sapagka't ngayon, ang dalawang artista ay nag-aaral at nagsasanay na mabuti ng isang bagong sayaw na kinahuhumalingan ng mga kabataan sa buong Amerika. Ito'y ang sayaw na Calypso, ang humalili sa Rock 'n Roll, na buong husay na ipamamalas nila sa madla sa pamamagitan ng ginagawa nilang pelikula sa Estados Unidos.

Isang bagay lamang ang pinangangambahan ng mga tagahanga ng dalawang bituin, laluna ng mga tagahanga ni Zaldy: baka sa pagbabalik ng mag-"sweetheart" ay tuluyan nang humantong ang dalawa sa "harap ng dambana".

---

Ayon sa isang taga-Sampaguita, si Tony Marzan ay hindi mapagkatulog sa mga araw na ito. Ang dahilan ay isang magandang "starlet". Kung sino ang "starlet" na ito, na umano'y "hindi rin matahimik" dahil kay Tony, ay iilan lamang ang nakakikilala. Maaaring itanong ninyo kina Rita Gomez at Daisy Romualdez kung sino... at ibubulong nila sa inyo.

---

Isang araw, may nakita kaming kausap si Direktor Ding de Jesus ng Everlasting: isang magandang babaing humigit-kumulang sa 16 na taong gulang. Sapagka't alam na ng lahat ang "kahinaan" ng maraming direktor, nagkaroon kami ng isang hinala at medyo nanaghili kami kay Ding. Nguni't nang kalabitin namin si Mario M. Lopez at usisain namin... ay nagkamali pala kami ng akala.

Ang kausap ni Ding ay si Norma Reyes, ang bagong bituin ng Everlasting na kasalukuyang "hinahasa" ng samahan upang ibunsod bilang ganap na bituin sa mga araw na haharapin. Si Norma ay tumutupad ng mahalagang papel sa Laki sa Layaw. Napagpakuan ng pansin ni Kapt. Ongpauco ang kakayahan ni Norma nang lumabas sa Reyna Sirkera bilang isang ekstra. At ngayon nga, inihahanda siya ng Everlasting upang maging isa sa mga pangunahing bituin ng Samahan na itatampok sa mga susunod nilang pelikula.

Parang hindi makapaniwala ang ilang dalagang nagsimba kamakailan sa Quiapo. Nakita nilang lumalakad nang paluhod si Cecilia Lopez.

"Hindi natin akalain... isa pala siyang manang! Mabibihira siya sa ibang mga bituin!" may pagtatakang nasabi ng isa.

Nguni't hindi alam ng mga dalagang iyon ang sanhi. Si Cecilia ay lumakad noon nang paluhod bilang pasasalamat sa Senyor Nasareno pagka't maluwalhating nakaraos sa sakit na trangkaso. Kabilang si Cecilia sa malubhang iniratay ng lumaganap na salot, at nang gumaling ay nangakong lalakad nang paluhod sa simbahan ng Quiapo.

Iyan ay isa na sa mga kinaugalian ni Cecilia — ang mamanatang magnonobena, lalakad nang paluhod o dili kaya'y magsisimba nang pitong Biyernes sa tuwing magkakaroon siya ng ano mang karamdaman. At napatunayan naman niyang mabisa, sapagka't madali siyang gumagaling.

---

Marami ang nagkakamali kay Marissa Ibañez na kapatid daw ni Tessie Quintana. At hindi naman katakatakang magkagayon, sapagka't magkamukhang-magkamukha ang dalawang bituin. Sa pagkakahawig nilang iyan ay may naganap tuloy na isang nakatutuwang pangyayari.

Nang minsang magkaroon ng siyuting ang Pabo Real ng Premiere na nilalabasan nina Marissa at Tessie, ay sinundo ni Johnny Reyes ang huli. May mahalagang lakad yata ang dalawa na di maipagpapaliban, kaya pagkatapos na pagkatapos ng siyuting ay hinila na ni Johnny si Tessie.

"Dali ka at baka mahuli tayo sa ating pupuntahan, dear!" sabi pa ni Johnny habang hawak sa bisig ang tinukoy.

Nguni't nauntol ang kanilang paglakad nang makilala ni Johnny ang pigil niya sa braso: si Marissa!

Aywan kung isang pagsisiste lamang iyon ni Johnny, nguni't naging sanhi ng malakas na pagtatawanan.

---

Ayon sa isang sulat ni Dolphy sa mga kasamahan sa Sampaguita, tumaba raw si Juancho Gutierrez sa paggawa nila ng pelikula sa Hongkong—ang **Pagoda.** Maraming bagay ang itinaba ni Juancho. Una, laging maganang kumain. Ikalawa, nahiyang sa klima. At isa pa, laging masaya at masigla sapagka't sa tuwina'y kahunta at kakuwentuhan si Gloria Romero.

May kahulugan ang huling ibinalita ni Dolphy, na silang tatlo lamang nina Juancho at Gloria ang nakababatid.

---

Talagang "may-kakuwanan" itong si Tony Santos, ang "Pilyong Bata" ng LVN. Minsa'y nakita raw ni Ben Cosca na nanghuhuli ng gagamba sa bakuran ng estudyo. At nang tanungin ay sumagot na "nakursunadahan" lang daw ang gayon.

"Talagang ito, oo... parang bata!" nasabi tuloy ni Ben. "Hindi ka pa magbago... sikat na sikat ka nang artista... at direktor!"

"E, ano kung sikat... dahilan na ba iyon upang baguhin ko ang aking sarili?"

At nakatuwaan daw na balingan naman ni Tony si Ben. Hinabol ng kiliti, hanggang sa magtatakbo at sa pag-iwas ay muntik nang mahulog sa imburnal.

 (*Buhat sa pah. 14*)

nina Rafael at Dora nang manaog na si Tinoy.

—Aling Dora, nagtataka ako kay Aling Senday, —simula ni Rafael. —Bakit po tila isang masamang bata ang kanyang palagay kay Tinoy?

—Napapansin pala ninyo? —ani Dora. —At si Tinoy po'y tila wala ring pagtingin sa kanyang lola. May pagkakalayo po ng damdaming naghahari sa kanila.

—Bakit po nagkakagayon?

—Napag-uukulan ko nga po ng isip ang bagay na iyan. —Malungkot na napangiti si Dora. —Wala po akong maibibigay na dahilan kundi hindi pagkakaunawaan.

—Ano pong hindi pagkakaunawaan?

—Ang pagkaalam ko po'y kaisa-isang anak ni Aling Senday ang ina ni Tinoy. Mahal na mahal niya ang anak na iyon, pagka't siya lamang naiwan sa kanya ng namatay na asawa. Nagpakasakit siya para mapag-aral at mabigyan ng magandang kinabukasan ang anak. Siya na lamang ang naging pag-asa ni Aling Senday. Nagtanan ang anak at nag-asawa sa isang mahirap na binata. Nagtratrabaho iyon sa isang minahan. Hindi nagluwat at namatay ang lalaki sa isang aksidente. Nagbalik kay Aling Senday ang kanyang anak na kagampan kay Tinoy. Sa piling ng matanda isinilang ang bata.

Napatangu-tango si Rafael. Naliliwanagan niya ang ibig tunguhin ni Dora.

—Dalawang taon lamang ang itinagal ng buhay ng anak ni Aling Senday at namatay, —patuloy ni Dora. —Naiwan sa matanda si Tinoy. Bagong hirap at pagpapakasakit ang ginugol niya sa pagpapalaki sa bata. Ang kabiguan ng kanyang hirap at pagpapakasakit sa anak ay kay Tinoy niya naibabagsak. Hindi na siya magpapakasakit para kay Tinoy. Pinalaki ito, pagka't dapat niyang gawin iyon, nguni't walang pagmamahal. Kaya hinahanapan na niya agad ng pakinabang si Tinoy. Hindi niya pinapag-aral ang bata. Umutang siya ng dalawampung piso kay Mang Tomas... at si Tinoy ang ipinasok niyang alila upang magbayad ng kanyang utang.

—Sapagka't walang tinatanggap na pagmamahal ng kanyang lola si Tinoy kaya naman wala siyang pagmamahal sa matanda. Nagtatanggol lamang sa kanyang sarili si Tinoy... —susog ni Rafael.

Nakangiting tumango si Dora.

—Hindi po masama si Tinoy at hindi rin masama si Aling Senday. Wala tayong masisisi sa kanila.

—Siyanga, —ayon ni Rafael.

—Nguni't naniniwala ba kayo, Aling Dora, na kinuha ni Tinoy ang dalawampung piso ni Mang Tomas?

—Hindi po gagawin ni Tinoy iyon, —ani Dora. —Mabait na bata si Tinoy. Pinaniniwalaan kong sansalapi lamang ang kanyang kinuha.

Naputol ang pag-uusap nina Dora at Rafael nang makarinig sila ng nagpapatao-po sa hagdanan.

—Si Mang Tomas, —sambit ni Dora at nagtindig. Tinungo ang hagdan at sinalubong ang dumating.

Si Mang Tomas nga ang pumanhik. Kasunod nito si Aling Senday.

—Magandang hapon sa iyo, Dora, —bigay-galang ng lalaki.

—Magandang hapon po naman. Tuloy kayo, Mang Tomas.

Nagtuloy naman si Mang Tomas. Tumindig si Rafael at nginitian ito.

—Sila po, Mang Tomas, ang sinasabi kong Mang Rafael na kasama ni Tinoy, —ani Aling Senday. —Ibig po niyang malaman kung ano nga ang kinuha ni Tinoy bago umalis sa inyo.

Kinamayan ni Mang Tomas si Rafael.

—Ang batang iyan ay talagang ipapupulis ko, —wika ni Mang Tomas na pinangunot ang noo at pinagdilim ang anyo ng mukha.

Hindi sinasadya ni Rafael ang mapaungol. —Maupo kayo, Mang Tomas.

—Akalain ninyong mabuti naman ang pagpapasunod ko sa batang iyan, —ani Mang Tomas na pinalaki ang tinig na animo'y galit. —Itinuturing ko na nga siyang hindi iba sa bahay. Ako'y isang balo at wala akong anak. Naisip ko pa namang kupkupin ko na iyang si Tinoy. Pangako ko pa namang papag-aaralin ko siya magpamalas lamang sa akin ng kabaitan. Pinagtiwalaan ko siya sa bahay. Pero inigo po ako ng batang iyan, —at nagbuntong-hininga si Mang Tomas na waring nalulungkot at saka nagpatuloy. —Akalain ninyong biglang nawala. At nang tingnan ko ang kahong kinalalagyan ng aking kuwaltang panggastos sa bahay ay nawawala ang dalawampung piso.

Habang nagsasalita si Mang Tomas ay nakatitig si Rafael sa mukha ng lalaki. Magaspang ang balat ng mukha. Maitim ang kulay kaysa karaniwan. Kung ngumiti ay waring hindi nagtototoo ng damdamin, hindi matapat. Hindi makatitig ng tuwiran sa kausap. Mailap ang mga mata. Sa taya ni Rafael ay humigit-kumulang sa limampung taon ang taglay na gulang.

—Ang sabi po ni Tinoy... kaya siya umalis ay nakabasag siya ng pinggan yata, —sagot ni Rafael na pilit ang pagkangiti. —Pinalo raw ninyo siya. At saka... hindi po inaamin ni Tinoy na dalawampung piso ang kinuha niya sa inyong kahon, kundi limampung sentimos po lamang.

—Gayon pala ang sabi sa inyo, —ani Mang Tomas. —May kasargatihang talaga ang batang iyan. At sinungaling pa.

—Hindi po ako nagsisinungaling, —sambot ng tinig ni Tinoy.

Napatingin sila sa pinagbuhatan ng tinig. Nakita nilang nakatayo si Tinoy sa tabi ng pintuang patungo sa salas.

—Ang ibig mong sabihin Tinoy, ay ako ang nagsisinungaling? Ba, ang batang ito ...—ani Mang Tomas.

—Hindi po ako umalis dahil sa kinuha ko ang dalawampung piso, —giit ng bata. —Pinalo po ninyo 'ko. Nakabasag ako ng pinggan. Ang kinuha ko po sa inyong kahon ay singkuwenta sentimos lang.

—Tinoy, napakasama sa isang bata ang sinungaling! —galit na wika ni Mang Tomas.

—Hindi po ako nagsisinungaling!

—Buweno, Tinoy... hindi na bale, —agaw ni Rafael at saka nakangiting hinarap si Mang Tomas. —Alam po ninyo, Mang Tomas... hindi ko maipaliliwanag kung bakit ako nagmamalasakit kay Tinoy. Sinadya kong tuntunin kung saan siya galing at ngayong mabatid ko ang mga nangyari, ay huwag kayong mag-alaala. Babayaran ko ang dalawampung pisong kinuha niya at ako na rin ang humihingi ng paumanhin ninyo para sa kanya.

—Kung gayon po ang ibig ninyong mangyari ay makatatanggi ba ako, —magiliw na sagot ni Mang Tomas.

Dinukot ni Rafael ang kanyang pitaka at humugot siya ng dadalawampuing piso.

—H'wag po... huwag po ninyong bayaran... wala po akong kinukuhang dalawampung piso sa kanila. Talagang talaga po. Singkuwenta sentimos po lamang ang aking kinuha.

Napatitig si Rafael sa mukha ng bata. May luhang nakapangilid sa mga mata ni Tinoy.

—Tinoy, naniniwala ako sa iyo, —wika ni Rafael. —Hindi mo nga kinuha ang sinasabi ni Mang Tomas na dalawampung piso. —At muling hinarap ni Rafael si Mang Tomas. —Mang Tomas, si Tinoy ay nagsasabi ng totoo. Hindi niya kinuha ang sinasabi niyang dalawampung piso. Dinaramdam kong magbago ako ng loob na hindi ko palitan sa inyo ang halagang iyon.

Namula ang mukha ni Mang Tomas. Galit na ang lalaki.

(DURUGTUNGAN)

*Tumpok sa Oras, Maganda, Maaasahan...*


ELGIN

The Beautiful Way to Tell Time



Sa Kaibig-ibig na Kasintahan — Lady ELGIN "Amour": 21 kilatis. 18K Gintong numero at pananda. 14K likas na lantay na gintong kaha. Panggalang na nylon. Nakakahong-pangregalo. 7201YSC . . . ₱270.00

*Timed to the Stars*



Matikas, bago, laging maaasahan — Lord ELGIN "Fairway": 21 kilatis. Gintong numero at pananda 14K likas na puno ng gintong kaha at ligtas-sa-tagtag-at-tubig. Susong panggalang na katad. Nakakahong pangreglo. 7675YCS . . . ₱265.00

Para sa iyo — tanging ELGIN ang may mga katangiang nais: Isinaoras-sa-mga-Bituing katumpakan; walang pagkupas na modelo ng kaha; taun-taong ligtas-sa-pagkasirang takbo. Ang tutoo — tanging isang ELGIN ang ganyan!

HEACOCK'S

The Store of Quality

DASMARIÑAS PHONE: 3-64-71

BOSCH Spark Plugs

For decades approved by millions

PETER TRADING CO., LTD.

Authorized Sales & Service Agents For ROBERT BOSCH GMBH GERMANY

745 ANDA, INTRAMUROS • MANILA • TEL. 3-61-87

BOSCH SERVICE

KUNG KAYO'Y MAKAPAGSISIPILYO PAGKAKATAPOS KUMAIN, IYA'Y NAPAKAGALING — KUNG HINDI'Y...

# Naito ang bagong GLEEM ng PMC ukol sa mga hindi makapagsipilyo pagkakatapos kumain!


## MINSAN LAMANG PAGSISIPILYO

**ay nakapupuksa ng mga mikrobyong sanhi ng pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig!**

Anong nagiging sanhi ng pagkabulok ng ngipin? Mga mikrobyo sa bibig. Lahat ay mayroon nitong mga mikrobyo. Ang Gleem na may katangi-tanging GL-70 ay nakapupuksa ng hanggang 90% ng mga mikrobyong ito — sinusugpo ang pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig!



*Merienda - lulan ng P.A.L.*




**MABIBILI SA 4 NA KARANIWANG LAKI!**

## Sa Amerika, ang Gleem ay agad naging mabili.

Ang mga abalang Amerikano ay nangangailangan ng isang toothpaste na mangangalaga maghapon sa minsan lamang pagsisipilyo!

Kung kayo, tulad ng maraming abalang tao, ay hindi makapagsipilyo pagkatapos kumain, gumamit ng Gleem — ang toothpaste na tumutugon sa makabagong suliraning ito. Napatutunayan sa mga siyentipikong pagsubok na sa minsan lamang pagsisipilyo ng Gleem bago mag-agahan ay mapananatiling presko ang inyong bibig sa buong maghapon!



## Naiibigan ng mga bata ang napakainam na lasa ng Gleem!

Ito'y inyo ring maiibigan. Ang Gleem ay may bago, mas preskong lasang kinawiwilihan ng mga bata. Madali silang mahimok sa palagiang paggamit ng Gleem!




**Mikrobyo sa bibig na pangunang sanhi ng pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig ay dumaraming tulad nito sa magdamag.**

**Minsan lamang pagsisipilyo ng Gleem ay nakapupuksa ng hanggang 90% ng mga mikrobyong ito.**



**Gleem lamang ang may GL-70 — bagong panlinis at panlaban sa pagkabulok ng ngipin!**

Copyright PMC 1957